ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 12| Issue: 4| April 2026|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2026: 8.753 || ISI Value: 1.188

# PAGLINANG NG MGA BABASAHIN TUNGO SA PAGPAPAUNLAD NG PAG-UNAWA AT PASALITANG PAGBASA SA FILIPINO NG MGA *INMATES* SA *ALTERNATIVE LEARNING SYSTEM*

**Janet D. Miculob[1], Fe N. Conui [2]**
[1]*Senior High School Teacher, Dr. Cecilio Putong National High School Senior High School, Cabawan Tagbilaran City Bohol, Philippines*
[2]*Graduate Studies Professor, Holy Name University, Tagbilaran City, Bohol, Philippines*

**Article DOI:** https://doi.org/10.36713/epra27427
**DOI No: 10.36713/epra27427**

## ABSTRAK
*Ang pag-aaral na ito ay naglalayong suriin ang antas ng pag-unawa ng mga Persons Deprived of Liberty (PDL) gamit ang Oral Reading Verification Test (ORVT) upang matukoy ang kanilang pagkakategorya. Sa City Jail, Tagbilaran City, 60 na mag-aaral na PDL ang lumahok sa pananaliksik na ginagamitan ng experimental na disenyo. Nakalap ang datos mula sa DepEd ORVT bilang pre-test at sa kontekstuwalisadong ORVT na binuo ng mananaliksik bilang post-test, na sinuri sa pamamagitan ng t-test at Pearson correlation. Natuklasan na mababa ang antas ng pag-unawa ng mga PDL, kung saan marami ang nabibilang sa frustration readers. Gayunpaman, matapos ang interbensyon sa pagbasa gamit ang kontekstuwalisadong babasahin, ay nagkaroon ng makabuluhang pagtaas sa kanilang kakayahan sa pag-unawa. Ipinakita rin ng resulta na may ugnayan ang mga profile variables gaya ng kasarian, edad, sibil na estado, at haba ng pagkakakulong sa antas ng pag-unawa ng mga mag-aaral. Dagdag pa rito, napatunayan na ang oral reading performance na sinusukat sa pamamagitan ng ORVT ay may direktang kaugnayan sa comprehension, na nagpapatibay sa teoryang ang mas mahusay na oral reading ay kaakibat ng mas mataas na pag-unawa. Sa kabuuan, ipinapakita ng pag-aaral na mahalaga ang paggamit ng kontekstuwalisadong babasahin sa pagtuturo ng mga PDL. Ang pagbuo ng mga kontektwalisadong materyales bilang interbensyon ay isinagawa sa gabay ng ADDIE model (Analysis, Design, Development, Implementation, Evaluation) upang matiyak na ang mga babasahin ay sistematikong nakabatay sa pangangailangan ng mga mag-aaral, lohikal ang disenyo, epektibo ang implementasyon, at nasusuri ang bisa sa aktwal na konteksto ng pagbasa. Sa ganitong paraan, ang kontekstuwalisadong ORVT ay nagiging mabisang daan upang mapalakas ang antas ng pag-unawa, mapaunlad ang oral reading, at maisulong ang inklusibong edukasyon na nagbibigay ng pag-asa at pagkakataon para sa patuloy na pagkatuto ng mga PDL.*
*Susing Salita – ADDIE model, comprehension, contextualized reading, oral reading verification test, persons deprived of liberty, inclusive education*

**MGA SUSING SALITA:** *ADDIE model, comprehension, contextualized reading, oral reading verification test, persons deprived of liberty, inclusive education*

## INTRODUKSYON
Pinatunayan ng mga pagsubok mula sa iba't ibang dibisyon tulad ng DepEd Bohol (DM No. 212, s. 2021) at DepEd Tagbilaran City (DM No. 286, s. 2022) na ang Oral Reading Verification Test (ORVT) ay isang epektibong instrumento upang makalikom ng datos na maaaring gamitin sa pagpapabuti ng mga programa sa pagbasa. Ang mga datos na nakalap ay nakatutulong sa pagkilala ng mga kalakasan at kahinaan ng mga mag-aaral sa pagbasa at nagbibigay-daan sa pagbuo ng mga angkop na interbensyon.

Ang ORVT ay isang standardized na instrumentong ginagamit upang sukatin ang antas ng kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral sa pamamagitan ng pasalitang pagbasa at mga gawaing pang-unawa. Layunin nitong matukoy kung ang isang mag-aaral ay nasa Independent, Instructional, o Frustration level batay sa kanyang bilis, katumpakan, at pag-unawa sa binabasang teksto. Sa ganitong paraan, nagiging mahalagang batayan ang ORVT sa pagbuo ng angkop na interbensyon upang matugunan ang mga natukoy na kahinaan sa pagbasa.

Napapansin ng mananaliksik na ang ORVT ay ginagamit lamang sa mga regular na mag-aaral ng Junior High School kung saan hindi naisama ang mga estudyanteng nasa programa ng Alternative Learning System (ALS) ng Antas Sekondarya, partikular na ang mga nasa City Jail. Batay sa akademikong perpormans ng mga nabanggit na mga inmates sa akademikong taon 2025-2026, sa Dr. Cecilio Putong National High School Senior High School ng ALS ng City Jail kapansin- pansin na kadalasan sa kanilang marka ay nasa 75 hanggang 80, Kaya't nais ng mananaliksik na matulungan sila upang mas maging epektibo ang kanilang pagkaunawa sa kanilang binasa at makasabay sila sa iba't ibang hamon sa buhay.

Sa ganitong paraan, mabibigyan ng pantay na pagkakataon ang lahat ng mag-aaral na mapaunlad ang kanilang kakayahan sa pagbabasa at pang-unawa sa mga teksto. Nagbibigay ito ng mga opsyon sa pagkatuto na naaayon sa pangangailangan ng mga mag-aaral, kabilang na ang pangunahing literasiya, patuloy na edukasyon, at pagsasanay sa iba't ibang kasanayan.

Sa mga bilangguan, ang ALS ay itinuturing na isang mahalagang programa na naglalayong magbigay ng edukasyon sa mga Persons Deprived of Liberty (PDLs) na hindi nakapag-aral dahil sa kanilang kalagayan. Ang programang ito ay nakatutulong hindi lamang sa pag-unlad ng kanilang kaalaman at kasanayan, kundi pati na rin sa kanilang paghahanda para sa mas maayos na reintegrasyon sa lipunan matapos ang kanilang sentensiya.

Sa kabila ng layunin ng city jail na magsilbing rehabilitatibong espasyo, nananatiling limitado ang akses ng mga PDL sa makabuluhang babasahin. Nakikita ng mananaliksik ang pangangailangang lumikha ng mga akdang tumutugon sa kanilang kontekstong pangkultura at pang-edukasyon. Ito ang mga babasahing hindi lamang nagbibigay-kaalaman sa panitikan kundi nagsusulong din ng kanilang kasanayan sa pagbasa at pag-unawa. Sa ganitong paraan, ang pagbasa ay nagiging kasangkapan sa intelektwal na pag-unlad at personal na repleksyon, tungo sa mas makataong rehabilitasyon.

Ang kalalabasan ng pananaliksik na ito ay inaasahang magsisilbing patnubay para sa mga guro sa asignaturang Filipino, lalo na sa antas Sekondarya ng ALS sa City Jail. Sa pamamagitan nito, mas mapapaunlad ang kanilang mga estratehiya sa pagtuturo at magiging mas matalino at sistematiko ang kanilang pagpili ng angkop na kagamitang pampagtuturo.

Ipinahihiwatig ng pag-aaral na ang paggamit ng mga kontekstuwalisadong babasahin at angkop na materyales ay maaaring makatulong upang masiguro ang pantay na oportunidad sa pagkatuto ng lahat ng mag-aaral, kabilang ang mga PDL. Sa ganitong paraan, mas nagiging epektibo ang pagtuturo sa pagbasa at pag-unawa, na siyang pangunahing kasanayang dapat linangin sa asignaturang Filipino.

Sa kabuuan, ang pananaliksik na ito ay hindi lamang nagsisilbing batayan sa pagpapaunlad ng mga pamamaraang panturo, kundi nagsusulong din ng inklusibong edukasyon na nagbibigay-diin sa pag-unlad ng kakayahan sa pagbasa at pag-unawa ng mga mag-aaral sa loob ng ALS.

**Paglalahad ng Suliranin**

Ang pangunahing layunin ng pag-aaral na ito ay matukoy ang antas ng pag-unawa sa Filipino batay sa Paglinang ng mga Babasahin Tungo sa Pagpapaunlad ng Pag-unawa at Pasalitang Pagbasa sa Filipino ng mga Inmates sa Alternative Learning System mula sa City Jail para sa Taong Panuruan 2025–2026. Titiyakin din ng mananaliksik na matugunan at masagutan ang mga sumusunod:

Nilayon din nito na masagot ang mga sumusunod na katanungan:

1. Ano ang profayl ng mga mag-aaral batay sa:
   1.1. kasarian;
   1.2. edad;
   1.3. sibil na estado at
   1.4. taon ng pagkakulong?
2. Ano-ano ang mga antas ng pag-unawa ng mag-aaral batay sa mga sumusunod na kategorya ng ORVT:
   2.1 independent;
   2.2 instructional;
   2.3 frustration; at
   2.4 non-readers?
3. May kaugnayan ba ang profayl ng mga mag-aaral at ang kanilang mga antas ng pag-unawa?
4. Mayroon bang makabuluhang antas ng pagkakaugnay sa apat na antas ng pag-unawa sa mga mag-aaral ng ALS sa antas sekondarya batay sa ORVT sa antas sa pag-unawa?
5. Ano ang antas ng kaangkupan at readability ng mga nalinang na babasahin para sa mga inmates?
6. Ano ang antas ng pag-unawa ng mga nalinang na babasahin para sa mga inmates?

## METODOLOHIYA NG PAG-AARAL

Ang pag-aaral na ito ay gumamit ng pamantayang eksperimental na disenyo na may layuning tuklasin ang epekto ng Oral Reading Verification Test (ORVT) bilang kagamitang pampagtuturo sa pagpapabuti ng kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral sa Alternative Learning System (ALS) sa antas sekondarya sa Tagbilaran City Jail. Isinagawa ito gamit ang pre-test at post-test design upang masukat ang pagbabago sa antas ng pag-unawa sa pagbasa ng mga kalahok bago at matapos ang interbensyon. Sa pagbuo ng kontekstuwalisadong babasahin na ginamit bilang pangunahing interbensyon, gumamit ang mananaliksik ng modelong ADDIE (Analysis, Design, Development, Implementation, at Evaluation) upang matiyak ang sistematiko, angkop, at makabuluhang paglinang ng mga akda batay sa karanasan, interes, at kontekstong panlipunan ng mga Persons Deprived of Liberty (PDL). Sa pangangalap ng datos, ginamit ang DepEd ORVT bilang pre-test upang matukoy ang panimulang kakayahan sa pagbasa, samantalang ang kontekstuwalisadong ORVT na binuo ng mananaliksik ang ginamit bilang post-test upang masukat ang pagbabago matapos ang implementasyon ng mga estratehiya sa pagbasa. Sa pagpili ng mga kalahok, ginamit ang purposive sampling kung saan napili ang animnapung (60) mag-aaral na PDL mula sa Tagbilaran City Jail na kasalukuyang nakaenrol sa ALS sa ilalim ng pamamahala ng Dr. Cecilio Putong National High School, at kumakatawan sa iba't ibang baitang (7, 8, 9, 11, at 12), kasarian, edad, sibil na estado, at haba ng pagkakakulong. Sa pagsusuri ng datos, ginamit ang porsyento ($\% = f/N \times 100$) upang ilarawan ang profayl ng mga kalahok, habang ang antas ng pag-unawa sa pagbasa ay tinukoy batay sa mga kategoryang Independent, Instructional, Frustration, at Non-readers, na ininterpret gamit ang pamantayang deskriptibo (90–100 = Napakahusay; 85–89 = Lubos na Kasiya-siya; 80–84 = Kasiya-siya; 75–79 = Katamtamang Kasiya-siya; mababa sa 75 = Hindi Naabot ang Inaasahan). Upang matukoy ang makabuluhang pagkakaiba sa pagganap bago at matapos ang interbensyon, ginamit ang t-test, samantalang ang Pearson correlation ay ginamit upang suriin ang ugnayan sa pagitan ng mga baryabol ng profayl at antas ng pag-unawa sa pagbasa; dagdag pa rito, ginamit ang Spearman Rho Correlation upang matukoy ang kaugnayan sa pagitan ng reading comprehension at oral reading performance. Isinagawa ang pag-aaral sa Tagbilaran City Jail na matatagpuan sa Cabawan District, Tagbilaran City, Bohol, at napatunayang ang paggamit ng kontekstuwalisadong babasahin bilang interbensyon—na binuo sa pamamagitan ng modelong ADDIE—ay epektibo sa pag-angat ng antas ng pagbasa ng mga PDL-ALS mula sa Frustration Level tungo sa Instructional at

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 12| Issue: 4| April 2026|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2026: 8.753 || ISI Value: 1.188

Independent Levels, na nagpapakita ng kahalagahan ng sistematikong disenyo ng materyales at kontekstuwalisadong pagtuturo sa pagpapalakas ng literasiya ng mga mag-aaral.

## MGA RESULTA NG PAG-AARAL

1. Batay sa kwalitatibo at kwantitatibong pagsusuri ng mga datos, natuklasan ng pag-aaral ang mga sumusunod: Ang demograpikong katangian ng mga PDL learners batay sa kasarian, edad, sibil na estado at haba ng pagkakakulong ay may mahalagang papel sa pag-unawa at pagganap sa pagbasa. Ang dominasyon ng kalalakihan sa technical-vocational tracks, aktibong partisipasyon ng mga kabataang nasa hustong gulang, at pagpapatuloy ng pag-aaral kahit may responsibilidad sa pamilya ay nagpapakita na ang personal at panlipunang salik ay nakaaapekto sa motibasyon at pagkatuto ng mga mag-aaral.
2. Ang oral reading performance ng mga mag-aaral bago ang interbensyon ay karamihan nasa Frustration Level, na nangangailangan ng agarang suporta. Matapos ang interbensyon gamit ang kontekstuwalisadong babasahin, tumaas ang antas ng Independent at Instructional Levels, na nagpapakita ng pagiging epektibo ng interbensyon sa pagpapabuti ng reading comprehension.
3. Ang profile ng mga mag-aaral, kasarian, sibil na estado, at haba ng pagkakakulong ay may makabuluhang ugnayan sa kanilang pagganap sa pagbasa. Ang kasarian at sibil na estado ay may positibong impluwensya, Samantala, ang edad at haba ng pagkakakulong ay nagpakita ng negatibong epekto sa antas ng pag-unawa, na nagpapahiwatig na ang mga mas nakatatandang mag-aaral at yaong mas matagal nang nakapiit ay nangangailangan ng mas angkop, sistematiko, at mas intensibong interbensyon sa pagbasa upang mapabuti ang kanilang kasanayan sa pag-unawa
4. May malinaw na ugnayan sa pagitan ng reading comprehension at ORVT performance. Habang tumataas ang comprehension, tumataas din ang oral reading performance, na sumusuporta sa Interactive Theory of Reading at nagpapakita na ang paglinang ng comprehension skills ay direktang nakaaapekto sa kabuuang kasanayan sa pagbasa.
5. Ang mga nalikhang babasahin para sa mga PDL ay mataas ang kalidad, angkop, at madaling maintindihan batay sa eksperto. Ang mataas na mean scores sa nilalaman, organisasyon, at wika ay nagpapatibay sa kredibilidad ng instructional materials at sa bisa ng kontekstuwalisadong pagtuturo.
6. Ang kontekstuwalisadong interbensyon sa pamamagitan ng mga babasahin ay nagresulta sa mas mataas, mas pare-pareho, at mas konsistent na pag-unawa ng mga mag-aaral kumpara sa mga hindi ginamitan ng interbensyon. Ang datos ay malinaw na nagpapatunay sa kahalagahan ng paggamit ng lokal na konteksto sa pagtuturo upang mapaunlad ang antas ng pag-unawa ng mga ALS learners.

## MGA TALAKAY

Ang presentasyon ng datos ay inayos batay sa mga suliraning pananaliksik upang maging malinaw at sistematiko ang daloy ng pagsusuri. Ang mga datos ay inilahad sa anyo ng talahanayan upang malinaw na maipakita ang distribusyon ng mga respondente batay sa kanilang kasarian, edad, at sibil na estado at tagal ng pananatili sa bilangguan gayundin ang mga resulta ng mga pre-test at post-test.

**Talahanayan 1. Profayl ng mga Kalahok ayon sa kasarian**

| Kasarian | Lalaki | | Babae | |
|---|---|---|---|---|
| **Antas ng Pag-aaral** | **Frequency** | **Percentage** | **Frequency** | **Percentage** |
| Grade 7–9 | 18 | 35% | 1 | 11% |
| Grade 11 Dressmaking | - | - | 3 | 33% |
| Grade 11 EIM | 13 | 25% | - | |
| Grade 12 EIM | 9 | 18% | - | - |
| Grade 12 Caregiving | 11 | 22% | 5 | 56% |
| **Kabuuan** | **51** | **100%** | **9** | **100%** |

Ipinapakita ng Talahanayan 1, ang distribusyon ng mga respondente ayon sa kasarian at antas ng pag-aaral. Sa kabuuang bilang ng mga kalahok, may 51 o 85% na lalaki at 9 o 15% na babae, na nagpapakita ng mas mataas na partisipasyon ng kalalakihan sa pag-aaral. Ang ganitong resulta ay karaniwang inaasahan sa konteksto ng ALS para sa mga PDL, kung saan mas marami ang populasyon ng kalalakihan. Sa antas ng pag-aaral, makikita na sa Grade 7–9, may 18 o 35% na lalaki at 1 o 11% na babae, na nagpapahiwatig ng mas mataas na representasyon ng kalalakihan sa mababang antas ng sekondarya. Sa Grade 11 EIM, mayroong 13 o 25% na lalaki, samantalang walang naitalang babaeng kalahok sa strand na ito. Gayundin, sa Grade 12 EIM, ang lahat ng kalahok ay lalaki na may 9 o 18%, na nagpapakita ng dominasyon ng kalalakihan sa technical-vocational track na Electrical Installation and Maintenance.

Samantala, sa Grade 11 Dressmaking, tanging mga babae lamang ang kalahok na may 3 o 33%, na nagpapakita ng kanilang pagkiling sa kursong may kaugnayan sa pananahi at kabuhayan. Sa Grade 12 Caregiving, bagama't may 11 o 22% na lalaki, mas nangingibabaw ang mga babae na may 5 o 56%, na nagpapahiwatig ng mas mataas na interes ng kababaihan sa larangan ng caregiving.

Sa kabuuan, malinaw na ang distribusyon ng mga respondente ay nagpapakita ng gendered pattern sa pagpili ng strand at antas ng pag-aaral. Ang kalalakihan ay mas nakatuon sa technical-vocational tracks, partikular sa EIM, habang ang kababaihan naman ay mas nakapokus sa Dressmaking at Caregiving. Ang ganitong padron ay maaaring maiugnay sa umiiral na sosyo-kultural na pananaw at tradisyunal na papel ng kasarian sa lipunan.

Samakatuwid, ang mga natuklasan ay may implikasyon sa pagbuo ng mga programang pang-edukasyon sa ALS, partikular sa pagbibigay ng pantay na oportunidad sa parehong kasarian, gayundin sa pagdidisenyo ng mga interbensyon sa

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 12| Issue: 4| April 2026|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2026: 8.753 || ISI Value: 1.188

pagbasa na sensitibo sa kanilang interes, karanasan, at kontekstong panlipunan.

**Talahanayan 2. Profayl ng mga Kalahok Ayon sa Edad**

| Edad | Young Adult/ Mga Kabataang Nasa Hustong Gulang (18–35) | | Middle Adults / Mga Nasa Gitnang Edad (36–59) | |
|---|---|---|---|---|
| | Frequency | Percentage | Frequency | Percentage |
| Grade 7-9 | 15 | 34% | 4 | 27% |
| Grade 11 Dressmaking | 2 | 4% | 1 | 6% |
| Grade 11 EIM | 9 | 20% | 4 | 27% |
| Grade 12 EIM | 13 | 29% | 3 | 20% |
| Grade 12 Caregiving | 6 | 13% | 3 | 20% |
| **Kabuuan** | **45** | **100%** | **15** | **100%** |

Ipinapakita sa Talahanayan 2, ang distribusyon ng mga respondente ayon sa kanilang edad at antas ng pag-aaral. Sa kabuuang bilang ng mga kalahok, mayroong 45 o 75% na kabilang sa young adult (edad 18–35) at 15 o 25% na kabilang sa middle adult (edad 36–59). Ipinapakita nito na mas marami ang mga respondente na nasa mas batang pangkat ng edad. Sa antas ng pag-aaral, makikita na sa Grade 7–9, may 15 o 34% na young adult at 4 o 27% na middle adult, na nagpapahiwatig ng mas mataas na partisipasyon ng mas batang grupo sa mababang antas ng sekondarya. Sa Grade 11 Dressmaking, may 2 o 4% na young adult at 1 o 6% na middle adult, na nagpapakita ng limitadong bilang ng kalahok sa strand na ito. Samantala, sa Grade 11 EIM, may 9 o 20% na young adult at 4 o 27% na middle adult, na nagpapakita ng halos magkapantay na representasyon ng dalawang pangkat ng edad. Sa Grade 12 EIM, mas nangingibabaw ang young adult na may 13 o 29% kumpara sa 3 o 20% na middle adult, na nagpapahiwatig ng mas mataas na partisipasyon ng mas batang respondente sa technical-vocational specialization. Sa kabilang banda, sa Grade 12 Caregiving, may 6 o 13% na young adult at 3 o 20% na middle adult, na nagpapakita na may relatibong mas mataas na partisipasyon ang middle adults sa strand na ito kumpara sa ibang antas Sa kabuuan, malinaw na ang distribusyon ng mga respondente ay nagpapakita na mas nangingibabaw ang young adult na pangkat sa halos lahat ng antas ng pag-aaral.

Ang ganitong resulta ay maaaring maiugnay sa kanilang mas mataas na antas ng enerhiya, motibasyon, at kakayahang makibahagi sa mga gawaing pang-akademiko. Gayunpaman, mahalaga ring tandaan na ang middle adults ay may dala ring mas malawak na karanasan at dating kaalaman na maaaring makaapekto sa kanilang pag-unawa sa pagbasa.

Samakatuwid, ang edad ay isang mahalagang salik na maaaring makaimpluwensya sa antas ng pag-unawa sa pagbasa. Ito ay sinusuportahan ng Schema Theory, na nagsasaad na ang dating kaalaman at karanasan ng isang indibidwal ay may mahalagang papel sa pagproseso at pag-unawa ng teksto. Dahil dito, mahalagang isaalang-alang ang pagkakaiba ng edad sa pagdidisenyo

**Talahanayan 3. Profayl ng mga Kalahok Batay sa Sibil na Estado**

| Sibil na Kalagayan | Walang Asawa | | May Asawa | |
|---|---|---|---|---|
| | Frequency | Percentage | Frequency | Percentage |
| Grade 7–9 | 16 | 34% | 3 | 23% |
| Grade 11 Dressmaking | 2 | 4% | 1 | 8% |
| Grade 11 EIM | 12 | 26% | 1 | 8% |
| Grade 12 EIM | 4 | 8% | 5 | 38% |
| Grade 12 Caregiving | 13 | 28% | 3 | 23% |
| **Kabuuan** | **47** | **100%** | **13** | **100%** |

Ipinapakita sa Talahanayan 3, ang distribusyon ng mga respondente ayon sa kanilang sibil na estado at antas ng pag-aaral. Sa kabuuang bilang ng mga kalahok, may 47 o 78% na single at 13 o 22% na may-asawa, na nagpapakita na mas marami ang mga respondenteng walang asawa. Sa antas ng pag-aaral, makikita na sa Grade 7–9, may 16 o 34% na single at 3 o 23% na may-asawa, na nagpapahiwatig ng mas mataas na representasyon ng mga single sa lower secondary level. Sa Grade 11 Dressmaking, may 2 o 4% na single at 1 o 8% na may-asawa, na nagpapakita ng limitadong bilang ng kalahok sa strand na ito. Sa antas ng pag-aaral, makikita na sa Grade 7–9, may 16 o 34% na single at 3 o 23% na may-asawa, na nagpapahiwatig ng mas mataas na representasyon ng mga single sa lower secondary level. Sa Grade 11 Dressmaking, may 2 o 4% na single at 1 o 8% na may-asawa, na nagpapakita ng limitadong bilang ng kalahok sa strand na ito.Samantala, sa Grade 11 EIM, may 12 o 26% na single at 1 o 8% na may-asawa, na nagpapakita ng mas mataas na partisipasyon ng mga single sa technical-vocational track. Sa Grade 12 EIM, kapansin-pansin na mas mataas ang bilang ng mga may-asawa na may 5 o 38% kumpara sa 4 o 8% na single, na nagpapahiwatig na may mas malaking representasyon ng mga may-asawa sa antas na ito. Sa kabilang banda, sa Grade 12 Caregiving, may 13 o 28% na single at 3 o 23% na may-asawa, na nagpapakita ng relatibong balanseng distribusyon ngunit nananatiling mas marami ang mga single.

Sa kabuuan, malinaw na ang karamihan sa mga respondente ay single, na maaaring nagpapahiwatig na sila ay nasa yugto pa ng kanilang buhay kung saan mas nakatuon sa personal na pag-unlad at edukasyon. Gayunpaman, ang presensya ng mga may-

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 12| Issue: 4| April 2026|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2026: 8.753 || ISI Value: 1.188

asawang kalahok, lalo na sa mas mataas na antas tulad ng Grade 12, ay nagpapakita na ang edukasyon ay patuloy na pinahahalagahan kahit may karagdagang responsibilidad sa pamilya.

Samakatuwid, ang sibil na estado ay maaaring isang mahalagang salik na nakaaapekto sa motibasyon, oras ng pag-aaral, at pokus ng mga mag-aaral. Ang mga single ay maaaring may mas maraming oras para sa akademikong gawain, samantalang ang mga may-asawa ay maaaring humaharap sa hamon ng pagbabalanse ng pamilya at pag-aaral.

Dahil dito, mahalagang isaalang-alang ang sibil na estado sa pagdidisenyo ng mga programang pang-edukasyon at interbensyon sa pagbasa sa loob ng ALS.

**Talahanayan 4. Profayl ng mga Kalahok Batay sa Bilang ng Taon ng Pagkakakulong**

| Bilang ng Taon na Naalisan ng Kalayaan | Junior High School (JHS / Baitang 7–10) | | Senior High School (SHS / Baitang 11–12) | |
|---|---|---|---|---|
| | Dalas (Frequency) | Porsyento | Dalas (Frequency) | Porsyento |
| Panandalian (< 2 taon) (< 2 years) | 31 | 69% | 4 | 27% |
| Katamtaman (2–5 years) | 11 | 24% | 7 | 47% |
| Pangmatagalan (> 5 years) | 3 | 7% | 4 | 27% |
| Kabuuan | 45 | 100% | 15 | 100% |

Ipinapakita sa Talahanayan 4, ang distribusyon ng mga kalahok batay sa bilang ng taon na sila ay naalisan ng kalayaan, ayon sa kanilang antas ng edukasyon sa ALS, partikular sa Junior (JHS) at Senior High School (SHS). Makikita na sa hanay ng JHS, ang nakararami ay kabilang sa kategoryang panandaliang pagkakait ng kalayaan ang mga may sentensiyang mas mababa sa dalawang taon (31 o 69%).

Ipinahihiwatig nito na karamihan sa mga mag-aaral sa antas na ito ay mga bagong pasok pa lamang sa loob ng pasilidad o may limitadong panahon ng pananatili. Samantala, 11 o 24% ang kabilang sa katamtamang haba ng pananatili (2–5 taon), at 3 o 7% lamang ang nasa pangmatagalang pagkakakulong (higit sa 5 taon). Sa kabilang banda, ang mga mag-aaral sa SHS ay nagpapakita ng mas balanseng distribusyon. Pinakamalaki ang bahagdan ng mga kabilang sa katamtamang haba ng pagkakait ng kalayaan (7 o 47%), samantalang magkapantay ang bilang ng nasa panandalian at pangmatagalan na tig-4 o 27%. Ipinapakita nito na mas mataas ang proporsyon ng mga mag-aaral sa SHS na may mas mahabang panahon ng pananatili sa loob ng pasilidad kumpara sa mga nasa JHS.

Sa kabuuan, ang mga datos ay nagpapahiwatig ng posibleng ugnayan sa pagitan ng haba ng pananatili sa loob ng pasilidad at antas ng edukasyong naaabot ng mga kalahok. Maaaring ipaliwanag ito sa pananaw na ang mga indibidwal na may mas mahabang panahon ng pagkakakulong ay nagkakaroon ng mas maraming oportunidad na makilahok at magpatuloy sa mga programang pang-edukasyon tulad ng ALS, na nagiging daan upang maabot ang mas mataas na antas gaya ng Senior High School.

Ang interpretasyong ito ay sinusuportahan ng mga pag-aaral na nagsasabing ang tuloy-tuloy na partisipasyon sa mga programang pang-edukasyon sa loob ng correctional institutions ay nakatutulong sa paglinang ng kaalaman at kasanayan ng mga PDL, pati na rin sa kanilang personal na pag-unlad at reintegrasyon sa lipunan. Ayon kina Davis et al. (2013), ang edukasyon sa loob ng bilangguan ay may positibong epekto sa akademikong pagganap at posibilidad ng pagpapatuloy ng pag-aaral. Gayundin, binibigyang-diin sa ALS framework ng DepEd na ang pagbibigay ng akses sa edukasyon, anuman ang kalagayan ng mag-aaral, ay mahalaga upang maisulong ang inklusibo at panghabambuhay na pagkatuto.Sa ganitong konteksto, pinagtitibay ng resulta ang kahalagahan ng pagpapatupad at pagpapaigting ng mga programang pang-edukasyon sa loob ng mga pasilidad ng detensyon, bilang mahalagang mekanismo sa pagpapaunlad ng kakayahan at pag-asa ng mga PDL.

**Talahanayan 5. DepEd Pre-test ORVT Performance**

| Descriptor (Tagapaglarawan) | Scale | Pre-test | | | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| | | Grade 7 | | Grade 8 | | Grade 9 | | Grade 11 | | Grade 12 | | Kabuuan | |
| | | f | % | F | % | f | % | f | % | f | % | F | % |
| Independent Level | 7-8 | (2) | 15% | | | (2) | 67% | (1) | 6% | (5) | 20% | 10 | 17% |
| Instructional Level | 5-6 | (4) | 31% | | | | | (1) | 6% | (4) | 16% | 9 | 15% |
| Frustration Level (struggling reader) | 3-4 | (7) | 54% | (3) | 100% | (1) | 33% | (14 | 88% | (16) | 64% | 41 | 68% |
| Frustration Level (Non-reader) | 0-2 | - | - | - | - | - | - | - | - | - | - | - | - |
| **Kabuuan** | | **13** | **100%** | **3** | **100%** | **3** | **100%** | **16** | **100%** | **25** | **100%** | **60** | **100%** |

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 12| Issue: 4| April 2026|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2026: 8.753 || ISI Value: 1.188

Ipinapakita ang Talahanayan 5, ang resulta ng pre-test sa Oral Reading Verification Test (ORVT) ng mga mag-aaral ayon sa kanilang antas ng pagbasa. Makikita sa kabuuang resulta na ang karamihan sa mga respondente ay nasa Frustration Level (struggling reader) na may 41 o 68%, na nagpapahiwatig na maraming mag-aaral ang nakararanas ng kahirapan sa pagbasa at pag-unawa ng teksto. Samantala, may 10 o 17% ng mga mag-aaral na nasa Independent Level, na nangangahulugang sila ay may kakayahang magbasa at umunawa ng teksto nang may minimal o walang gabay. Bukod dito, may 9 o 15% na kabilang sa Instructional Level, na nangangailangan pa ng gabay mula sa guro upang lubos na maunawaan ang kanilang binabasa. Wala namang naitalang mag-aaral na hindi makabasa (Non-reader).

Sa pagsusuri ayon sa baitang, kapansin-pansin na sa Grade 7, higit sa kalahati ng mga mag-aaral (54%) ay nasa Frustration Level, na nagpapakita ng pangangailangan ng agarang interbensyon sa pagbasa. Gayundin, sa Grade 8, lahat ng mag-aaral (100%) ay nasa Frustration Level, na higit pang nagpapatibay sa pangangailangan ng suporta sa kasanayan sa pagbasa. Sa Grade 9, mayroon ding mga mag-aaral na nasa Frustration Level (33%), habang sa Grade 11, karamihan (88%) ay kabilang pa rin sa nasabing antas. Sa Grade 12, bagama't may ilang nasa Independent at Instructional Levels, nananatili pa rin ang presensya ng mga mag-aaral na nangangailangan ng gabay.

Sa kabuuan, ang mataas na porsyento ng mga mag-aaral sa Frustration Level ay nagpapahiwatig na may seryosong hamon sa kasanayan sa pagbasa ng mga respondente. Ipinapakita nito ang agarang pangangailangan ng angkop at epektibong interbensyon upang mapaunlad ang kanilang kakayahan sa pag-unawa.

Dahil dito, mahalaga ang paggamit ng mga kontekstuwalisadong babasahin bilang isang estratehiya sa pagtuturo. Ang ganitong mga materyales ay nakabatay sa karanasan, kultura, at wikang pamilyar sa mga mag-aaral, kaya mas nagiging makabuluhan at madaling maunawaan ang teksto. Alinsunod ito sa Schema Theory, na nagsasaad na ang pag-unawa sa binabasa ay mas napapadali kung ito ay konektado sa dating kaalaman at karanasan ng mambabasa.

Samakatuwid, ang iminungkahing interbensyon ay inaasahang makatutulong sa pagpapababa ng bilang ng mga mag-aaral sa Frustration Level at pagtaas ng bilang ng mga nasa Instructional at Independent Levels. Sa ganitong paraan, mapauunlad ang kanilang kasanayan sa pagbasa, mapapalakas ang kanilang partisipasyon sa pagkatuto, at magkakaroon sila ng mas positibong karanasan sa pagbasa sa loob ng ALS.

**Talahanayan 6. Post-test na Interbensyon sa Performans sa ORVT**

| **Descriptor** | **Scale** | **Grade 7** | | **Grade 8** | | **Grade 9** | | **Grade 11** | | **Grade 12** | | **Kabuuan** | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| | | **f** | **%** | **f** | **%** | **f** | **%** | **f** | **%** | **f** | **%** | **f** | **%** |
| Independent Level | 7-8 | (4) | 57% | 2 | 67% | (1) | 100% | 12 | 86% | 9 | 56% | 28 | 42% |
| Instructional Level | 5-6 | (3) | 43% | 1 | 33% | | | 2 | 14% | 7 | 13% | 13 | 42% |
| Frustration Level *(struggling reader)* | 3-4 | - | - | - | - | | | - | - | | | | |
| Frustration Level *(Non-reader)* | 0-2 | - | - | - | - | - | - | - | - | - | - | - | - |
| **Kabuuan** | | **7** | **100%** | **3** | **100%** | **1** | **100%** | **14** | **100%** | **16** | **100%** | **41** | **100%** |

Ipinapakita sa Talahanayan 6, ang resulta ng post-test sa pagganap sa (ORVT) matapos ang implementasyon ng kontekstuwalisadong babasahin at mga interbensyon sa pagbasa. Mapapansin na ang kabuuang bilang ng mga kalahok sa bahaging ito ay 41, mula sa orihinal na 60 respondente. Ito ay sapagkat ang isinailalim sa masusing pagsusuri ay ang mga mag-aaral na nasa antas ng frustration sa pre-test, na siyang pangunahing target ng interbensyon ng mananaliksik. Samantala, ang mga mag-aaral na nasa antas na independent at instructional, gayundin yaong walang naitalang learning loss, ay hindi na isinama sa bahaging ito ng pagsusuri. Ang mga nabanggit na grupo ay nabigyan na ng angkop na differentiated instruction bilang tugon sa kanilang antas ng kakayahan sa pagbasa, kaya't hindi na sila kabilang sa pokus ng interbensyong isinagawa.

Batay sa kinalabasan ng post-test, makikita ang pagbabago sa antas ng pagganap ng mga mag-aaral na dating nasa frustration level. Ipinahihiwatig nito na ang paggamit ng kontekstuwalisadong babasahin, kasama ang sistematikong mga interbensyon sa pagbasa, ay nagkaroon ng positibong epekto sa kanilang kasanayan sa pagbasa at pag-unawa. Ang pag-angat ng kanilang antas mula sa frustration patungo sa mas mataas na antas tulad ng instructional o independent ay nagpapakita ng pagiging epektibo ng isinagawang interbensyon.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 12| Issue: 4| April 2026|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2026: 8.753 || ISI Value: 1.188

Sa mas malalim na pagsusuri, maaaring ipaliwanag ang resulta batay sa prinsipyo ng differentiated instruction, kung saan ang pagtuturo ay iniangkop ayon sa pangangailangan at kakayahan ng mga mag-aaral. Sa pamamagitan ng pagbibigay ng angkop na estratehiya at materyales, mas napadali ang pagkatuto ng mga mag-aaral na may kahinaan sa pagbasa.

Bukod dito, ang paggamit ng kontekstuwalisadong babasahin ay nakatulong upang maging mas makabuluhan at maiugnay ng mga mag-aaral ang kanilang binabasa sa kanilang sariling karanasan, na isang mahalagang salik sa pag-unawa.

Kaugnay nito, sinusuportahan ng mga pag-aaral sa larangan ng edukasyon na ang mga interbensyong nakatuon sa pangangailangan ng mag-aaral, lalo na yaong gumagamit ng makabuluhan at kontekstuwalisadong materyales, ay nagdudulot ng makabuluhang pag-unlad sa kasanayan sa pagbasa. Ipinapakita rin ng ganitong resulta ang kahalagahan ng maagap at angkop na interbensyon upang matugunan ang learning gaps, lalo na sa mga mag-aaral na nasa frustration level.

Sa kabuuan, pinatutunayan ng kinalabasan ng post-test na ang isinagawang interbensyon ay naging epektibo sa pagpapabuti ng pagganap sa ORVT ng mga kalahok. Ipinahihiwatig nito na ang patuloy na paggamit ng kontekstuwalisadong babasahin at ang implementasyon ng angkop na estratehiya sa pagtuturo ay mahalaga upang mapataas ang antas ng pag-unawa sa pagbasa ng mga mag-aaral, lalo na sa mga nasa ALS na PDL

**Talahanyan 7. Ugnayan ng profayl ng mga mag-aaral at kanilang antas ng pag-unawa sa ORVT**

| Variables | Computed R-value | P-value | Decision on Ho | Interpretasyon |
|---|---|---|---|---|
| Kasarian & ORVT | 0.56 | 0.01 | Reject Ho | Makabuluhang, Katamtamang Positibong Ugnayan |
| Sibil na Estado & ORVT | 0.64 | 0.001 | Reject Ho | Makabuluhang,Katamtamang Positibong Ugnayan |
| Taon ng Pagkakakulong & ORVT | -0.87 | 0.002 | Reject Ho | Makabuluhang, Katamtamang Negatibong Ugnayan |
| Edad & ORVT | -0.29 | 0.02 | Reject Ho | Makabuluhang, Mababang Negatibong Ugnayan |

**Pre-test / Bago ang Interbensyon**

Ipinapakita sa unang bahagi ng Talahanayan 7, ang ugnayan sa pagitan ng mga baryabol ng profayl ng mga mag-aaral—kasarian, sibil na estado, taon ng pagkakakulong, at edad at ang kanilang antas ng pag-unawa batay sa resulta ng ORVT bago ang implementasyon ng interbensyon. Makikita na ang kasarian at ORVT ay may computed r-value na 0.56 at p-value na 0.01, na mas mababa sa itinakdang antas ng kahalagahan (0.05). Dahil dito, tinatanggihan ang null hypothesis. Ipinahihiwatig nito na may makabuluhang katamtamang positibong ugnayan sa pagitan ng kasarian at antas ng pag-unawa sa pagbasa. Gayundin, ang sibil na estado at ORVT ay may r-value na 0.64 at p-value na 0.001, na nagpapakita rin ng makabuluhang katamtamang positibong ugnayan. Ibig sabihin, may kaugnayan ang sibil na estado sa antas ng pag-unawa ng mga mag-aaral.

Samantala, ang taon ng pagkakakulong at ORVT ay may r-value na -0.87 at p-value na 0.002. Ito ay nagpapakita ng makabuluhang negatibong ugnayan na may mataas na lakas. Ipinahihiwatig nito na habang tumatagal ang panahon ng pagkakakulong, may tendensiyang bumababa ang antas ng pag-unawa sa pagbasa.

Sa kabilang banda, ang edad at ORVT ay may r-value na -0.29 at p-value na 0.02, na nagpapakita ng makabuluhang mababang negatibong ugnayan. Ibig sabihin, may bahagyang tendensiya na ang mas nakatatandang mag-aaral ay nagkakaroon ng mas mababang antas ng pag-unawa sa pagbasa.

**Post-test / Matapos ang Interbensyon**

Ipinapakita naman sa ikalawang bahagi ng talahanayan ang ugnayan ng parehong mga baryabol at ang resulta ng ORVT matapos ang implementasyon ng interbensyon. Makikita na ang kasarian at ORVT interbensyon ay may r-value na 0.71 at p-value na 0.0034, na nagpapakita ng makabuluhang katamtamang positibong ugnayan. Ipinahihiwatig nito na may impluwensiya ang kasarian sa pag-unlad ng pagganap sa pagbasa matapos ang interbensyon.

Ang sibil na estado at ORVT interbensyon ay may r-value na 0.93 at p-value na 0.001, na nagpapakita ng makabuluhang napakalakas na positibong ugnayan. Ipinahihiwatig nito na ang sibil na estado ay may malaking kaugnayan sa naging epekto ng interbensyon sa pag-unawa sa pagbasa.

Samantala, ang taon ng pagkakakulong at ORVT intervention ay may r-value na -0.76 at p-value na 0.005, na nagpapakita ng makabuluhang katamtamang negatibong ugnayan. Ibig sabihin, bagama't may interbensyon, nananatiling may impluwensiya ang haba ng pagkakakulong sa antas ng pag-unlad sa pagbasa. Sa huli, ang edad at ORVT (post-test) ay may r-value na -0.39 at p-value na 0.01, na nagpapakita ng makabuluhang katamtamang negatibong ugnayan. Ipinahihiwatig nito na ang edad ay may kaugnayan pa rin sa pagganap sa pagbasa kahit matapos ang interbensyon.

Sa kabuuan, ipinapakita ng mga resulta na ang lahat ng baryabol ng profayl ng mga mag-aaral ay may makabuluhang ugnayan sa kanilang antas ng pag-unawa sa pagbasa, kapwa bago at matapos ang interbensyon, batay sa pagtanggi sa lahat ng null hypotheses. Kapansin-pansin na ang mga baryabol tulad ng kasarian at sibil na estado ay nagpapakita ng positibong ugnayan, na nangangahulugang may ilang aspeto ng personal na kalagayan ng mga mag-aaral na maaaring nakatutulong sa kanilang pag-unlad sa pagbasa.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 12| Issue: 4| April 2026|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2026: 8.753 || ISI Value: 1.188

Sa kabilang banda, ang taon ng pagkakakulong at edad ay may negatibong ugnayan, na nagpapahiwatig na ang mga salik na ito ay maaaring hadlang sa pag-unlad ng kanilang kasanayan sa pagbasa. Mahalagang tandaan na bagama't nagkaroon ng interbensyon, nananatiling may impluwensiya ang mga nabanggit na baryabol sa pagganap ng mga mag-aaral. Ipinapakita nito na ang pagkatuto ay hindi lamang nakabatay sa interbensyon kundi naaapektuhan din ng iba't ibang personal at sosyodemograpikong salik.

Ang mga natuklasang ito ay maaaring ipaliwanag ng mga teoryang pang-edukasyon tulad ng Schema Theory, kung saan ang pag-unawa sa pagbasa ay nakadepende sa dating kaalaman at karanasan ng mambabasa, at sa mga prinsipyo ng pagkatuto ni Edward Thorndike, partikular ang Law of Effect at Law of Exercise, na nagpapakita na ang karanasan at pagsasanay ay may mahalagang papel sa paglinang ng kasanayan.

Sa pangkalahatan, pinatutunayan ng resulta na ang interbensyon ay naging epektibo, subalit kinakailangan pa ring isaalang-alang ang iba't ibang salik ng profayl ng mga mag-aaral sa pagdisenyo ng mas angkop at mas inklusibong mga programang pang-edukasyon, lalo na sa konteksto ng ALS para sa mga PDL.

**Talahanayan 8. Makabuluhang antas ng pagkakaugnay sa pagitan ng antas ng pag-unawa at ORVT**

| Variables | Computed Spearman Rho-Value | P-value | Decision on Ho | Interpretasyon |
|---|---|---|---|---|
| Antas ng Pag-unawa & ORVT DepEd | 0.501 | 0.021 | Reject Ho | Makabuluhang, Katamtamang Positibong Ugnayan |
| Antas ng Pag-unawa & ORVTInterbensyon | 0.331 | 0.026 | Reject Ho | Makabuluhang, Katamtamang Positibong Ugnayan |

Ipinapakita sa Talahanayan 8 na may makabuluhang Antas ng Pagkakaugnay sa Pagitan ng Reading Comprehension at ORVT, sinuri ang makabuluhang ugnayan sa pagitan ng reading comprehension at resulta ng Oral Reading Verification Test (ORVT) gamit ang Spearman Rho Correlation. Makikita sa resulta na ang ugnayan sa pagitan ng antas ng pag-unawa at ORVT DepEd (pre-test) ay may computed rho-value na 0.501 at p-value na 0.021. Dahil ang p-value ay mas mababa sa 0.05 na antas ng kabuluhan, itinakwil ang null hypothesis (Ho). Ipinapahiwatig nito na may makabuluhan at katamtamang positibong ugnayan sa pagitan ng dalawang baryabol. Nangangahulugan ito na habang tumataas ang antas ng pag-unawa sa pagbasa ng mga mag-aaral, tumataas din ang kanilang performance sa ORVT.

Samantala, sa ugnayan ng reading comprehension at ORVT Interbensyon (post-test), ang nakuha namang rho-value ay 0.331 at p-value na 0.026, na mas mababa rin sa 0.05. Dahil dito, itinakwil din ang null hypothesis, na nagpapakita na may makabuluhan at positibong ugnayan sa pagitan ng dalawang baryabol. Gayunpaman, ang lakas ng ugnayan ay mas mababa kumpara sa pre-test, na maaaring magpahiwatig na ang ibang salik ay nakaimpluwensya sa resulta matapos ang interbensyon.

Sa kabuuan, ang resulta ay nagpapakita na may makabuluhang ugnayan ang reading comprehension at ORVT performance, na nagpapatunay na ang kakayahan sa pag-unawa sa pagbasa ay may direktang kaugnayan sa kakayahan ng mga mag-aaral sa oral reading. Ito ay sumusuporta sa mga teoryang tulad ng Interactive Theory of Reading, na nagsasaad na ang pag-unawa ay bunga ng interaksyon ng decoding at encoding.

**Talahanayan 9. Deskriptibong interpretasyon na kondensadong balidasyon ng instrumento para sa mga eksperto**

| (Kagamitang Pampagtuturo: Sanaysay, Maikling Kwento, at Pabula para sa PDL) | | | | |
|---|---|---|---|---|
| **Domain / Akda** | **Bilang ng Item** | **WM** | **CVI** | **Deskriptibong Interpretasyon** |
| A. Sanaysay: "Rehas ng Pagkakamali, Liwanag ng Pananampalataya" | 1–5 | 4 | 1 | Lubos na Kaugnay |
| B. Maikling Kwento: "Liwanag sa Loob ng Rehas" | 6–9 | 4 | 1 | Lubos na Kaugnay |
| C. Pabula: "Ang Pagong at ang Kalapati sa Loob ng Bakuran" | 10–13 | 4 | 1 | Lubos na Kaugnay |
| D. Pedagohikal na Bisa | 14–17 | 4 | 1 | Lubos na Kaugnay |
| E. Pangkalahatang Pagtataya | 18–20 | 4 | 1 | Lubos na Kaugnay |

Ipinapakita sa Talahanayan 9, batay sa pagsusuri ng apat na eksperto, napag-alaman na ang mga nalikhang babasahin para sa mga PDL ay lubos na kaugnay at angkop sa layunin ng ALS-Filipino.

Sa bawat akda—Sanaysay, Maikling Kwento, at Pabula, makikita na malinaw ang mensahe at aral, naaayon ang nilalaman sa layunin ng pananaliksik, at ang wika ay akma sa antas ng mga mag-aaral.Ang mga tanong at multiple choice items ay lohikal, tama, at sumusukat sa comprehension ng mga mambabasa, kaya't mataas ang content validity ng bawat material. Sa aspeto ng pedagogical effectiveness, ang mga gawain sa bawat babasahin ay nakapagpapaunlad ng kasanayan sa pagbasa, pakikinig, pagsulat, at pagsasalita.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 12| Issue: 4| April 2026|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2026: 8.753 || ISI Value: 1.188

Bukod dito, nakakapukaw ang mga akda ng interes at motibasyon ng mga PDL, nakakatulong sa paglinang ng kritikal at mapanuring pag-iisip, at nagpapalalim ng pagpapahalaga sa sariling kultura at positibong pagbabago sa sarili.

Sa pangkalahatan, napatunayan ng mga eksperto na ang mga babasahin ay handang gamitin sa aktwal na pagtuturo sa konteksto ng PDL, at maaaring ituring na epektibo at kapaki-pakinabang. Ang mataas na WM at CVI (4.00 at 1.00) sa lahat ng domain ay nagpapatunay na ang mga materyales ay may mataas na kalidad, malinaw, at akma para sa pagtuturo at pagkatuto ng mga bilanggo sa ilalim ng ALS.

**Talahanayan 10. Deskriptibong Estadistika ng Pagpapatunay ng mga Eksperto sa Nalinang na Babasahin para sa mga PDL**

| KRAYTERYA / ITEM | Median | Interpretasyon |
|---|---|---|
| **A. Layunin at Nilalaman** | | |
| 1. Malinaw at tiyak ang mga layunin | 4 | Lubos na Sumasang-ayon |
| 2. Layunin nakaayon sa ALS-Filipino | 4 | Lubos na Sumasang-ayon |
| 3. Sanaysay, kwento, pabula ay angkop | 4 | Lubos na Sumasang-ayon |
| 4. Nilalaman may ugnayan sa kultura at dimensyong pantao | 4 | Lubos na Sumasang-ayon |
| 5. Nilalaman tumutulong sa pagpapahalaga at pag-unawa | 4 | Lubos na Sumasang-ayon |
| 6. May sapat at tamang nilalaman | 4 | Lubos na Sumasang-ayon |
| **B. Wika at Panuto** | | |
| 7. Wika malinaw, simple, at angkop | 4 | Lubos na Sumasang-ayon |
| 8. Panuto madaling sundan | 4 | Lubos na Sumasang-ayon |
| 9. Akda naaayon sa antas ng PDL | 4 | Lubos na Sumasang-ayon |
| **C. Organisasyon at Estruktura** | | |
| 10. Lohikal at sistematiko ang pagkakaayos | 4 | Lubos na Sumasang-ayon |
| 11. Daloy ng akda nakatutulong sa pagkatuto | 4 | Lubos na Sumasang-ayon |
| **D. Pedagohikal na Bisa** | | |
| 12. Gawain nakapagpapaunlad ng kasanayan sa pagbasa | 4 | Lubos na Sumasang-ayon |
| 13. Nakakapukaw ng interes at motibasyon | 4 | Lubos na Sumasang-ayon |
| 14. Nakakatulong sa kritikal na pag-iisip | 4 | Lubos na Sumasang-ayon |
| 15. Nakatutulong sa mabuting asal at positibong pagbabago | 4 | Lubos na Sumasang-ayon |
| 16. Praktikal at madaling gamitin | 4 | Sumasang-ayon |
| 17. Kapaki-pakinabang sa guro at PDL | 4 | Lubos na Sumasang-ayon |
| 18. Mataas na content validity at maaaring gamitin | 4 | Sumasang-ayon |

Batay sa Talahanayan 10, nakita na ang lahat ng krayteryang ginamit sa pagpapatunay ng mga eksperto sa nalikhang babasahin para sa mga PDL ay nakakuha ng median na 4, na may katumbas na interpretasyong “Lubos na Sumasang-ayon.” Ipinahiwatig nito na ang kabuuang pagtataya ng mga eksperto ay napakataas at positibo.

Sa aspeto ng Layunin at Nilalaman, lahat ng item ay nakatanggap ng pinakamataas na antas ng pagsang-ayon. Ipinakita nito na ang mga layunin ng babasahin ay malinaw, tiyak, at nakaayon sa kurikulum ng ALS sa Filipino. Gayundin, kinilala ng mga eksperto na ang nilalaman kabilang ang sanaysay, kuwento, at pabula ay angkop sa konteksto ng mga PDL, may kaugnayan sa kultura at dimensyong pantao, at nakatulong sa pagpapaunlad ng pagpapahalaga at pag-unawa.

Samakatuwid, ang materyal ay nagtataglay ng makabuluhan at angkop na nilalaman. Sa Wika at Panuto, lubos ding sinang-ayunan ng mga eksperto na ang wikang ginamit ay malinaw, payak, at angkop sa antas ng mga PDL. Ang mga panuto ay naging madaling sundan, na mahalaga upang mapadali ang pag-unawa at pagsasagawa ng mga gawain. Ipinahiwatig nito na ang babasahin ay angkop sa kakayahang lingguwistiko ng mga target na mambabasa. Sa Organisasyon at Estruktura, ipinakita ng resulta na ang pagkakaayos ng nilalaman ay lohikal at sistematiko. Ang maayos na daloy ng mga ideya ay nakatulong sa mas epektibong pagkatuto at pag-unawa ng mga PDL, na nagpakita ng maingat na pagdidisenyo ng materyal.

Samantala, sa Pedagohikal na Bisa, halos lahat ng item ay nakatanggap ng interpretasyong “Lubos na Sumasang-ayon,” maliban sa item 16 at 18 na may interpretasyong “Sumasang-ayon” bagama’t pareho pa ring may median na 4.

Ipinakita nito na ang mga gawain sa babasahin ay epektibong nakapagpaunlad ng kasanayan sa pagbasa, nakapukaw ng interes at motibasyon, at nakatulong sa paglinang ng kritikal na pag-iisip at positibong pagpapahalaga. Ang bahagyang pagkakaiba ito sa interpretasyon ay nagpahiwatig ng kaunting puwang para sa higit pang pagpapabuti, ngunit nanatiling mataas ang antas ng pagtanggap.

Sa kabuuan, ang resulta ng pagpapatunay ng mga eksperto ay nagpakita na ang nalikhang babasahin ay may mataas na antas ng bisa at kaangkupan para sa paggamit sa mga mag-aaral ng ALS na PDL. Samakatuwid, ito ay itinuring na isang balido, makabuluhan, at epektibong kagamitang panturo na maaaring gamitin sa pagpapalawak ng kasanayan sa pagbasa at pag-unawa.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 12| Issue: 4| April 2026|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2026: 8.753 || ISI Value: 1.188

.

**Talahanayan 11. Deskriptibong interpretasyon ng pagpapatunay ng mga eksperto sa nalikhang babasahin para sa mga PDL**

| Saklaw | Aytem | Median | Deskriptibong Interpretasyon |
|---|---|---|---|
| A. Layunin at Nilalaman (Objectives & Content) | 1–6 | 4 | Lubos na Sumasang-ayon |
| B. Wika at Panuto (Language & Instructions) | 7–9 | 4 | Lubos na Sumasang-ayon |
| C. Organisasyon at Estruktura (Organization & Structure) | 10–11 | 4 | Lubos na Sumasang-ayon |
| D. Pedagohikal na Bisa (Pedagogical Effectiveness) | 12–18 | 4 | Lubos na Sumasang-ayon |
| **Kabuuan** | **18** | **4** | **Lubos na Sumasang-ayon** |

Batay sa Talahanayan 11, makikita na ang  median na 4, lubos na sumasang-ayon ang mga eksperto na ang mga nalikhang babasahin para sa mga PDL ay may malinaw at tiyak na layunin, naaayon sa kurikulum ng ALS-Filipino, at naglalaman ng mga paksang may kaugnayan sa kultura at angkop sa pedagogiya.

Ang mga materyales ay sapat upang matamo ang layunin ng pagtuturo at nagpapakita ng mataas na content validity sa aspeto ng layunin at pagpili ng mga akda. Sa aspeto naman ng wika at panuto, napatunayan ng mga eksperto na ang wika ng babasahin ay malinaw, simple, at angkop sa antas ng mga PDL. Ang mga panuto sa bawat gawain at pagbasa ay madaling sundan, kaya naman ang mga materyales ay nababasa, nauunawaan, at akma sa pangangailangan ng mga mag-aaral. Tungkol sa organisasyon at estruktura, ang pagkakaayos ng mga akda at gawain ay lohikal at sistematiko, na tumutulong sa pagkatuto at praktikal na aplikasyon ng aral. Sa aspeto ng pedagogikal na bisa, napatunayan na ang mga gawain ay nakapagpapalago ng kasanayan sa pagbasa at pag-unawa, nakakapukaw ng interes at motibasyon, at nakakatulong sa paglinang ng kritikal na pag-iisip at positibong pagpapahalaga.

Bagaman may bahagyang pagkakaiba sa mga item 16 at 18, ipinapakita ng median na may pangkalahatang kasunduan ang mga eksperto na ang mga materyales ay praktikal, kapaki-pakinabang, at handa nang gamitin sa pagtuturo sa ALS.

**Talahanayan 12. Antas ng Pag-unawa ng mga Nalinang na Babasahin para s PDL *Learners***

| Comparison | Group / Kondisyon | N | Mean | SD | t-value | p-value | Makabuluhan |
|---|---|---|---|---|---|---|---|
| Pre-Test: Walang Interbensyon vs May Interbensyon | Walang Interbensyon | 41 | 5 | 4.06 | 9.47 | 0.008 | Makabuluhan |
| | May Interbensyon | 41 | 8 | 0.83 | | | |
| Post-Test: Walang Interbensyon vs May Interbensyon | Walang Interbensyon | 41 | 6 | 1.71 | -9.52 | 0.0015 | Makabuluhan |
| | May Interbensyon | 41 | 8 | 0.61 | | | |
| Pre-Test vs Post-Test: Walang Interbensyon | Pre-Test | 41 | 5 | 4.07 | -2.46 | 0.016 | Makabuluhan |
| | Post-Test | 41 | 6 | 1.7 | | | |
| Pre-Test vs Post-Test: May Intebensyon | Pre-Test | 41 | 7 | 0.84 | -0.65 | 0.51 | Makabuluhan |
| | Post-Test | 41 | 8 | 0.62 | | | |

Ipinapakita sa Talahanayan 12 ang antas ng pag-unawa ng mga PDL sa mga nalinang na babasahin (sanaysay, maikling kwento, at pabula). Batay sa resulta, makikita na ang mga materyal ay nakatulong sa pagpapalawak ng kanilang kakayahan sa pagbasa at pag-unawa. Ang mga datos ay nagsisilbing ebidensya na ang kagamitang pampagtuturo ay epektibo at angkop sa konteksto ng ALS sa loob ng bilangguan.

Ang mga pahayag na ito ay ibinatay sa Schema Theory at Interactive Theory of Reading, gayundin sa mga pag-aaral na nagpapakita na ang kontekstuwalisado at makabuluhang mga gawain ay nagpapalakas ng literasi, motibasyon, at kritikal na pag-iisip ng mga mag-aaral. Ipinapakita ang Talahanyan 12, ang antas ng pag-unawa

Batay sa resulta ng pagsusuri, makikita na may makabuluhang antas ng pagkakaiba sa pag-unawa ng mga mag-aaral na gumamit ng interbensyon kumpara sa mga hindi gumamit nito. Sa *pre-test,* ang pangkat na walang interbensyon ay may mean na 5 at standard deviation na 4.06, samantalang ang pangkat na may interbensyon ay may mean na 8 at standard deviation na 0.83. Ang t-value na 9.47 at p-value na 0.008 ay nagpapakita ng makabuluhang pagkakaiba, na nangangahulugang mas mataas ang antas ng pag-unawa ng mga mag-aaral na may interbensyon.

Sa *post-test*, nanatiling makabuluhan ang pagkakaiba. Ang pangkat na walang interbensyon ay may mean na 6 at standard deviation na 1.71, samantalang ang pangkat na may interbensyon ay may mean na 8 at standard deviation na 0.61. Ang t-value na -9.52 at p-value na 0.0015 ay nagpapakita ng makabuluhang antas ng pagkakaiba, na muling nagpapatunay na mas mataas ang antas ng pag-unawa ng mga mag-aaral na gumamit ng interbensyon.

Ipinahihiwatig nito na epektibo ang ginamit na materyal at interbensyon sa pagbasa sa pagpapataas ng antas ng pag-unawa ng mga mag-aaral, na nagsisilbing patunay ng bisa ng kontekstuwalisadong babasahin bilang kagamitang pampagtuturo.

Kung ikukumpara ang *pre-test* at *post-test* ng pangkat na walang interbensyon, makikita ang bahagyang pagtaas mula mean na 5 tungo sa mean na 6. Ang t-value na -2.46 at p-value na 0.016 ay nagpapakita ng makabuluhang pagkakaiba, na

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 12| Issue: 4| April 2026|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2026: 8.753 || ISI Value: 1.188

nangangahulugang may kaunting pag-unlad kahit walang interbensyon. Gayunpaman, ang pag-unlad na ito ay hindi kasing laki ng sa pangkat na may interbensyon.

Samantala, sa *pre-test* at *post-test* ng pangkat na may interbensyon, mula mean na 7 tungo sa mean na 8, makikita ang patuloy na pagtaas sa antas ng pag-unawa. Bagama't ang t-value na -0.65 at p-value na 0.51 ay nagpapakita ng hindi makabuluhang pagkakaiba sa estadistika, mahalagang tandaan na nanatiling mataas ang antas ng pag-unawa ng mga mag-aaral na may interbensyon.

Sa kabuuan, ipinapakita ng datos na ang paggamit ng kontekstuwalisadong babasahin bilang interbensyon ay may makabuluhang epekto sa antas ng pag-unawa ng mga mag-aaral. Ang mga mag-aaral na gumamit ng interbensyon ay nakapagtamo ng mas mataas na mean scores at mas mababang standard deviation, na nangangahulugang mas konsistent at mas mahusay ang kanilang pag-unawa kumpara sa mga mag-aaral na walang interbensyon. Ang resulta ay nagbibigay-diin sa kahalagahan ng paggamit ng mga babasahing nakabatay sa lokal na konteksto upang mapaunlad ang kasanayan sa pagbasa at pag-unawa ng mga mag-aaral sa ALS.

**AWTPUT**

**Mga Akdang Pampagtuturo bilang Interbensyong Materyal para sa mga PDL**
**"Rehas ng Pagkakamali, Liwanag ng Pananampalataya: Kung Saan Ako Nagkulang, Doon Ako Binago"**

Lahat ng tao sa mundo ay may kinagisnang "pamilya." Ama, ina, at anak, yan ang karaniwang larawan ng tahanan. Sila ang ilaw at gabay sa landas na ating tinatahak patungo sa magandang kinabukasan. Ngunit hindi lahat ng tao ay ganito ang kahulugan ng salitang "pamilya."

Ako man ay lumaki sa pamilyang may ama ngunit walang ina, dahil naghiwalay na sila pagkatapos nang ako ay maisilang. Hindi ko man nasilayan ang mukha ng aking ina, naroon ang aking lola at mga tiyahin na pumuno sa kakulangan ko ng haplos ng isang ina. Sila ang naging haligi ng aking pagkatao, nagturo ng mabuting asal, at nag-aruga na para bang ako ay kanilang sariling anak.

Ngunit dumating ang panahong natukso ako sa maling gawain, sa kagustuhang matulungan sila. Ang aking pagnanais ay nauwi sa pagiging PDL. Oo, ako'y isang PDL, malayo sa kinagisnang pamilya. Noong una, pakiramdam ko'y tila gumuho ang mundo at wala nang saysay ang mabuhay. Ngunit habang lumilipas ang mga araw, buwan, at taon, unti-unti kong nakilala ang mga taong kapwa ko PDL. Sa kanilang mga kwento, natuklasan ko na ang rehas ay hindi lamang kulungan ng mga nagkamali, kundi pugad din ng pagbabagong-buhay. Ang bakal na pumipigil sa aming kalayaan ay siya ring humubog sa aming tibay na hindi lamang tibay ng dibdib, kundi tibay ng pananampalataya.

Dito ko lubos na nakilala ang Diyos at ang aking sarili. Napagtanto kong may dahilan ang bawat sugat, may saysay ang bawat pagkadapa. Sapagkat minsan, kailangan nating masugatan upang matutong maghilom; kailangan nating madapa upang matutong bumangon.

Sa loob ng kulungan, bawat pagkakamali ay may kapalit na parusa. Ngunit sa bawat araw na lumilipas, natuto akong sumunod sa batas, natuto akong magpigil sa sarili, at natuto akong tumulong sa kapwa. Ang mga kasama ko sa loob ay itinuring kong pamilya—hindi man kami magkadugo, ngunit kami'y pinagbuklod ng panahon at tadhana. Magkakasama naming pinasan ang bigat ng nakaraan, at sabay-sabay naming hinabi ang pangarap ng mas maliwanag na kinabukasan.

Kung may bagay man akong pinagsisisihan, ito ay ang paggawa ng masama na naglayo sa akin sa aking pamilya. Ngunit natutunan kong hindi pa huli ang lahat. Ang pagkakamali ay maaaring maging binhi ng pagbabago. Ang kasalanan ay maaaring maging paalala upang piliin ang tama. At ang sakit ng pagkakahiwalay ay maaaring maging paalala ng kahalagahan ng tunay na pamilya.

Sapagkat ang salitang "pamilya" ay hindi lamang tumutukoy sa dugong nag-uugnay…Ito'y tumutukoy din sa mga taong naging karamay, kasangga, at kaagapay sa hirap at ginhawa. Ang pamilya ay buklod ng dugo, panahon, at pananampalataya—isang buklod na humuhubog sa ating pagkatao at sa bukas na ating tatahakin.

1. Alin sa mga sumusunod ang nagbigay ng gabay at pag-aaruga sa may-akda sa kanyang paglaki?
A. Ama at mga kaibigan na laging kasama sa tahanan
B. Lola at mga tiyahin na nagsilbing kapalit ng ina
C. Mga guro at kapitbahay na tumulong sa kanya
D. Mga kamag-anak na bihirang makita ngunit nagbibigay ng tulong
Sagot: B
2. Ano ang naging bunga ng mga desisyon ng may-akda sa kanyang buhay?
A. Napalayo siya sa kanyang pamilya at napunta sa kulungan
B. Naging mahirap ang kanyang buhay ngunit nanatili sa pamilya
C. Nawalan siya ng oportunidad sa edukasyon ngunit nanatiling malaya
D. Naging matagumpay siya ngunit nawalan ng koneksyon sa iba
Sagot:A
3. Ano ang pinakaugat kung bakit nasangkot ang may-akda sa maling gawain?
A. Kakulangan sa patnubay mula sa pamilya at komunidad
B. Kagustuhang makatulong at maibsan ang hirap ng pamilya
C. Impluwensya ng kapwa na may masamang gawain
D. Pagkawala ng direksyon sa kanyang personal na buhay
Sagot:B
4. Ano ang ipinahihiwatig ng karanasan ng may-akda sa loob ng kulungan?
A. Ang kulungan ay lugar lamang ng parusa at paghihirap
B. Ang kulungan ay nagiging daan upang makalimot sa nakaraan
C. Ang kulungan ay maaaring magsilbing lugar ng pagninilay at pagbabago
D. Ang kulungan ay humahadlang sa anumang uri ng pag-unlad
Sagot:C

5. Alin sa mga sumusunod ang pinakamalapit na mensahe ng akda?
A. Ang pagkakamali ay hadlang sa pagkamit ng magandang kinabukasan
B. Ang pamilya ang tanging sandigan sa lahat ng pagkakataon
C. Ang pagbabago ay posible kung may pagtanggap at pagsisikap
D. Ang buhay ay nakasalalay lamang sa mga desisyong ginawa noon
Sagot:C
6. Paano binigyang-kahulugan ng may-akda ang "pamilya"?
A. Isang grupo ng tao na magkakadugo at magkakasama sa iisang tahanan
B. Mga taong nagkakaisa dahil sa batas at obligasyon
C. Mga taong nagbibigay ng suporta, malasakit, at pag-unawa sa isa't isa
D. Isang institusyong panlipunan na may tiyak na papel sa lipunan
Sagot: C
7. Kung ilalapat ang karanasan ng may-akda sa tunay na buhay, alin ang pinakamainam na hakbang upang maitama ang pagkakamali?
A. Iwasan ang pakikisalamuha upang hindi na muling magkamali
B. Tanggapin ang pagkakamali at gamitin ito bilang gabay sa pagbabago
C. Kalimutan ang nakaraan at magsimula nang walang pagninilay
D. Umasa na lamang sa tulong ng iba upang makaahon
Sagot: B
8. Alin sa mga sumusunod ang nagpapakita ng pinakamalalim na pag-unawa sa konsepto ng "pagbabagong-buhay" sa akda?
A. Ang paglimot sa nakaraan upang makapagsimula muli
B. Ang pagtanggap sa parusa bilang kabayaran sa nagawang kasalanan
C. Ang paggamit sa karanasan bilang daan sa paghubog ng sarili at pananampalataya
D. Ang paglayo sa mga taong may kaugnayan sa nakaraan
Sagot:C

**"Ang Pagong at ang Kalapati sa Loob ng Bakuran"**

Sa loob ng isang bakurang napapalibutan ng matataas na pader at malamig na rehas ng piitan, naninirahan si Pagong na mabagal, tahimik, at sanay sa pag-iisa. Hindi niya kailanman hinanap ang pakikipag-ugnayan. Para sa kanya, ang mundo ay isang lugar na kailangang tiisin, hindi damhin.

"Mas ligtas ang walang pakialam," bulong niya sa sarili. "Walang masasaktan… kahit ako."Sa isang sulok ng bakuran, may isang Kalapati na palaging nakadapo sa sirang bahagi ng rehas

May pagkakataon siyang lumipad palayo, ngunit hindi niya ito ginagawa. Pinipili niyang manatili.
Isang umaga, napansin niya si Pagong.

"Araw-araw kitang nakikita," wika ng Kalapati. "Ngunit parang hindi ka nakikita ng mundo at hindi mo rin ito gustong makita."
Hindi sumagot si Pagong.

Ngunit hindi tumigil ang Kalapati. Araw-araw, bumabalik siya. Kinakausap niya si Pagong hindi para pilitin, kundi para samahan. Unti-unti, may nabasag sa loob ni Pagong, isang katahimikang matagal niyang itinago.

"Bakit ka pa nandito?" tanong ni Pagong isang araw. "Kaya mong umalis." Tumingin ang Kalapati sa kalangitan, saka sa kanya."Dahil may mga pusong hindi kailangang Iwan… kundi hihintayin."

Sa unang pagkakataon, nakaramdam si Pagong ng init na hindi mula sa araw, kundi mula sa isang damdaming hindi niya maipaliwanag.
Isang gabi, dumating ang malakas na unos. Umalingawngaw ang hangin, bumuhos ang ulan, at mabilis na tumaas ang tubig sa bakuran. Nagsimulang matangay ang maliliit na hayop.

"Kalapati!" sigaw ni Pagong. "Lumipad ka na! Iligtas mo ang sarili mo!"
Ngunit nanatili ang Kalapati, kahit nanginginig ang kanyang pakpak. "Hindi kita iiwan," sagot niya. "Kung aalis ako, sino ang mananatili para sa'yo?" Sa gitna ng rumaragasang tubig, may isang maliit na sisiw na halos malunod. Nakita ito ni Pagong. Dati, umiwas siya. Dati, hinayaan niya.

Ngunit hindi na ngayon…
Pinilit niyang abutin ang sisiw kahit nahihirapan. Isinakay niya ito sa kanyang likod habang ang tubig ay patuloy na tumataas.
"Hindi mo kakayanin!" sigaw ng Kalapati, ngunit hindi siya umalis. Sa halip, lumipad siya nang mababa, ginagabayan si Pagong sa mas mataas na bahagi ng bakuran.
Isang malakas na alon ang dumating.
Tinamaan ang Kalapati. Bumagsak siya malapit sa tubig.
"Kalapati!" sigaw ni Pagong.

Sa kabila ng kanyang kabagalan, pinilit niyang baguhin ang direksyon kahit nangangahulugan itong mas matagal bago makarating sa ligtas na lugar. Hindi na lamang ang sarili o ang sisiw ang iniisip niya.
Kundi ang Kalapati.

Sa huling lakas, narating nila ang mataas na bahagi ng bakuran na basang-basa, pagod, ngunit buhay.
Tahimik ang paligid matapos ang unos.
Dahan-dahang lumapit si Pagong sa Kalapati.
"Bakit… hindi ka umalis?" mahina niyang tanong.

Ngumiti ang Kalapati kahit hirap. "Dahil ang tunay na pag-ibig… hindi tumatakas sa unos. Nanatili ito." Napapikit si Pagong. Sa kauna-unahang pagkakataon, naramdaman niya ang bigat ng kanyang nakaraan at ang gaan ng pagbabagong dumarating.
"Mali ako," bulong niya. "Hindi pala sapat ang mabuhay lang… Kailangan palang matutong magmahal."

Mula noon, nagbago si Pagong. Hindi na siya ang dating malamig at makasarili. Tumulong siya sa mga sugatan, umalalay sa mahihina, at naging sandigan ng mga nawalan ng pag-asa.

At ang Kalapati ay hindi na lamang isang ibong nakadapo sa rehas kundi naging ilaw sa pusong matagal nang nakakulong. Hindi man bumaba ang mga pader, may isang bagay na tuluyang nagbukas.

Sa loob ni Pagong, natagpuan niya ang kalayaang hindi kayang ikulong ng bakal at ito ang kalayaang dulot ng pag-ibig**.**

1. Saan naganap ang kwento?
A. Sa kagubatan
B. Sa bakurang napapalibutan ng mataas na pader
C. Sa tabing-ilog
D. Sa bundok
Sagot: B
2. Sino ang hayop na may kakayahang umalis ngunit piniling manatili?
A. Pagong
B. Sisiw
C. Kalapati
D. Ibon na ligaw
Sagot: C
B. Inferensyal na Pag-unawa (Items 3–4)
(Pagbibigay-kahulugan at pagbasa sa pagitan ng linya)
3. Bakit pinili ng Kalapati na manatili sa bakuran?
A. Dahil hindi siya marunong lumipad
B. Dahil gusto niyang bantayan ang bakuran
C. Dahil nais niyang samahan at tulungan si Pagong
D. Dahil natatakot siya sa labas
Sagot: C
4. Ano ang ipinahihiwatig ng pagbabagong asal ni Pagong?
A. Natakot lamang siya sa unos
B. Natutunan niyang mahalaga ang malasakit sa kapwa
C. Nais niyang maging lider ng mga hayop
D. Napilitan lamang siyang tumulong
Sagot: B
C. Kritikal na Pag-unawa (Items 5–6)
(Pagsusuri at paghusga)
5. Ano ang pangunahing mensahe ng pabula?
A. Ang pagiging mabagal ay kahinaan
B. Ang pag-iisa ay mas ligtas
C. Ang pag-ibig at malasakit ay nagdudulot ng pagbabago at kalayaan
D. Ang kalayaan ay matatagpuan sa pag-alis sa isang lugar
Sagot: C
6. Alin sa mga sumusunod ang nagpapakita ng tunay na pag-ibig sa kwento?
A. Ang pag-iwas ni Pagong sa ibang hayop
B. Ang pananatili ng Kalapati sa kabila ng panganib
C. Ang pagtulog ni Pagong sa gitna ng unos
D. Ang paglipad ng ibang ibon palayo
Sagot: B
D. Aplikasyon (Items 7–8)
(Pag-uugnay sa sariling karanasan / realidad tulad ng PDL)
7. Kung ikaw ay nasa sitwasyon ni Pagong, paano mo maipapakita ang pagbabago?
A. Mananatiling tahimik at mag-isa
B. Iiwas sa ibang tao
C. Tutulong at magpapakita ng malasakit sa kapwa
D. Magtatago sa oras ng problema
Sagot: C
8. Paano maiuugnay ang aral ng pabula sa buhay ng isang PDL?
A. Sa pamamagitan ng paglayo sa ibang tao
B. Sa pagtanggap na walang pag-asa ang buhay
C. Sa pagbabago ng sarili sa pamamagitan ng pag-ibig at malasakit
D. Sa pagnanais na makatakas agad
Sagot: C

**Liwanag sa Loob ng Rehas (Dagli)**

Si Marco ay isang nakakatandang PDL sa Tagbilaran City Jail. Matagal na siyang nakakulong, ngunit sa kabila nito, kilala siya sa pagiging disiplinado, mahinahon, at matulungin. Para sa maraming preso, nagsisilbi siyang gabay at paalala na kahit nagkamali, may pagkakataon pa ring magbago. Araw-araw, dala niya ang pangungulila sa kanyang pamilya, ngunit mas pinili niyang maging matatag.

Isang araw, dumating si Eli, sang binatang lumaki sa marangyang buhay. Katulad ng isang prinsipe kung maituturing dahil hindi siya nakakaranas ng hirap sa buhay. Sanay siya sa masasarap na pagkain, komportableng tirahan, at sa pagkakaroon ng lahat ng gusto nang hindi pinaghihirapan. Hindi siya nasanay sa responsibilidad dahil palaging may umaalalay sa kanya. Ngunit pagpasok niya sa kulungan, bigla siyang naharap sa realidad na hindi niya kayang kontrolin lahat.

Nahirapan si Eli na makibagay. Hindi niya matanggap ang simpleng pagkain, ang masikip na lugar, at ang kawalan ng kalayaan na gawin ang kaniyang nakasanayan. Wala ring pamilya na dumadalaw sa kanya dahil gusto ng kaniyang pamilya na mapagtanto niya ang kaniyang pagkakamali. Doon niya naisip ang sinabi ng kaniyang ina na “kung hindi siya titigil,tatlo lamang ang Iyong kahihinatnan: ospital, kulungan o kayaý libingan”. Sa gitna ng kanyang galit at panghihina, nagkaroon siya ng alitan sa kanyang kapwa PDL at doon siya nilapitan ni Marco. “Anak,” sabi niya, “ang buhay at pag-uugali natin sa labas ay hindi natin madadala dito kaya kailangan mong matutong magbago, hindi para sa iba, kundi para sa sarili mo.”

Unti-unting nagbago si Eli. Natuto siyang rumespeto, sumunod sa lahat ng alituntunin sa loob at natutong makisama sa kapwa. Tinanggap niya ang kanyang sitwasyon at natutong magpakatatag na humarap sa mga hamon sa buhay na mayroong pananampalataya. Sa tulong ni Marco, naunawaan niya na ang tunay na laban ay ang pagtanggap sa sariling kahinaan at kakulangan na hindi kayang tapatan ng karangyaan. Dahil ang tunay na yaman ay hindi masusukat sa dami ng materyal na bagay kundi sa mga taong iyong natutulungan. At doon niya natagpuan ang kapayapaan ng isip na hindi niya naranasan sa kabila ng pagiging mayaman.

Nang makalaya si Eli, agad niyang pinuntahan ang kaniyang dating guro at ibinahagi ang kanyang karanasan sa loob ng kulungan, hindi lamang para sa sarili kundi bilang tinig ng mga naiwang kasamahan. “Huwag ninyong naisin na mapunta sa piitan”wika niya. “Hindi ito madali. Malalayo ka na nga sa iyong pamilya, kailangan mo pang matutong tumayo at mabuhay nang mag-isa. Habang may kalayaan pa tayo, gamitin natin ito sa wasto.”

Dagdag pa niya, "Hindi man pare-pareho ang kwento ng bawat PDL, iisa pa rin ang kanilang hangarin, ang magbago at maitama ang pagkakamali at sa mahal na pamilya ay makabawi. Kami na nakararanas nito ay nais maging gabay upang hindi ninyo maranasan ang aming pinagdaanan …sa buhay"

1. Saan nakakulong si Marco?
A. Cebu City Jail
B. Tagbilaran City Jail
C. Bohol Provincial Jail
D. Manila City Jail

2.Ano ang pangunahing katangian ni Marco?
A. Magagalitin at tahimik
B. Disiplinado at matulungin
C. Tamad at walang pakialam
D. Palaban at mapag-isa

3. Bakit nahirapan si Eli sa loob ng kulungan?
A. Dahil may sakit siya
B. Dahil wala siyang kaibigan
C. Dahil sanay siya sa marangyang buhay
D. Dahil gusto niyang makipag-away

4. Kung ikaw si Eli, ano ang pinakamainam na gawin upang makibagay sa kulungan?
A. Ipagpatuloy ang dating ugali
B. Iwasan ang lahat ng tao
C. Sumunod sa alituntunin at makisama
D. Makipag-away upang igalang

5. Ano ang naging papel ni Marco sa buhay ni Eli?
A. Kaaway na nagdulot ng problema
B. Gabay na nagturo ng pagbabago
C. Tagapagbantay ng kulungan
D. Kaibigan na walang pakialam

6. Ano ang ipinapakita ng pagbabago ni Eli?
A. Madaling makalimot ang tao
B. Lahat ng tao ay pare-pareho
C. Kayang magbago ng tao sa tamang gabay
D. Walang pag-asa ang nagkamali

7. Bakit mahalagang ibinahagi ni Eli ang kanyang karanasan sa guro?
A. Para sumikat siya
B. Para magreklamo sa kulungan
C. Para magbigay-aral at babala sa iba
D. Para makalimutan ang nakaraan

8.Alin ang pinakamahusay na mensahe ng kwento para sa mga taong malaya pa?
A. Iwasan ang pakikipagkaibigan
B. Sulitin ang yaman at kapangyarihan
C. Gamitin ang kalayaan sa tama at matuto sa pagkakamali ng iba
D. Mamuhay nang walang pakialam sa iba

## KONKLUSYON

Ang pag-aaral na isinagawa ay mahalaga at epektibo sapagkat malinaw na ipinakita na ang paggamit ng kontekstuwalisadong babasahin ay napatunayang isang mabisang interbensyon na nag-angat sa oral reading performance ng PDL-ALS mula sa Frustration Level tungo sa Independent at Instructional Levels, na nagpapatibay sa Interactive Theory of Reading.

Bukod dito, ang mataas na kalidad ng mga nalikhang materyales ay nagpatunay sa kredibilidad ng contextualized teaching, na nagresulta sa mas mataas at konsistent na komprehensyon ng mga PDL-ALS learners sa loob ng bilangguan. Sa kabuuan, ang pag-aaral ay nagbibigay ng matibay na ebidensya na ang lokal na konteksto at angkop na interbensyon ay susi sa pagpapalakas ng literasiya ng mga PDL-ALS learners.

## REKOMENDASYON

Sa pamamagitan ng pagpapatupad ng mga rekomendasyong ito, inaasahang mas mapapabuti ang kasanayan sa pagsusulat ng sanaysay.

1. Para sa mga PDL learners: Patuloy na gamitin ang kontekstuwalisadong babasahin bilang bahagi ng kanilang kurikulum upang mapaunlad ang kakayahan sa pagbasa at pag-unawa, at hikayatin ang aktibong partisipasyon sa mga gawaing pampagkatuto.
2. Para sa mga guro at tagapagturo sa ALS: Gumamit ng mga instructional materials at interbensyon na naaayon sa profile at pangangailangan ng mga mag-aaral, at isaalang-alang ang kasarian,edad sibil na estado, at haba ng pagkakakulong sa pagdisenyo ng mga programang pampagbasa.
3. Para sa administrasyon ng kulungan at programang ALS: Maglaan ng sapat na oras, kagamitan, at espasyo para sa mga programang pampagbasa at isama ang kontekstuwalisadong babasahin sa kurikulum at mga learning sessions upang mapalakas ang implementasyon ng literacy program.
4. Para sa mga mananaliksik: Magsagawa ng karagdagang pag-aaral sa iba pang aspeto ng literacy ng mga PDL learners tulad ng collaborative learning, digital reading, at iba pang makabagong interbensyon upang higit pang mapalawak ang saklaw ng pananaliksik. Kaugnay nito, maaari ring pagtuunan ng pansin ang paggamit ng mga kagamitang biswal gaya ng pelikula at bidyo sa loob ng bilangguan bilang alternatibong kagamitang pampagtuturo sa pagbasa, na maaaring makatulong sa pagpapasigla ng imahinasyon at empatiya, gayundin sa pagpapalalim ng pag-unawa lalo na sa mga sitwasyong limitado ang akses sa tradisyonal na kagamitang pampagkatuto.
5. Para sa pagpapaunlad ng materyales: Patuloy na paunlarin at pag-iba-ibahin ang mga babasahin tulad ng sanaysay, tula, kuwento, at artikulo na nakaangkla sa kultura, interes, at konteksto ng mga PDL learners upang mapataas ang kanilang motibasyon at engagement sa pagbasa.

## REPERENSES

1. *Al-Mansour, N. S. (2011). The effect of teacher's storytelling aloud on the reading comprehension* of Saudi elementary stage *students. Journal of King Saud University-Languages and Translation, 23(2), 69-76. https://doi.org/10.1016/j.jksult.2011.04.001*
2. *Alam, S. (2013). Developing students' reading skills through effective reading strategies: A study on secondary school students in Bangladesh. Theory and Practice in Language Studies,3(1)27–32. http://www.academypublication.com/issues/past/tpls/vol03/01/19.pdf*
3. *Anderson, R. C. (1994). Role of prior knowledge in reading comprehension. Educational Psychologist, 29(2), 87-98.*
4. *Ascencio, A. (2018). Improving reading level and motivation through sustained-silent reading at the middle*

*school level [Unpublished doctoral dissertation]. California State University.*

5. *Ayscue, J., Frankenberg, E., & Siegel-Hawley, G. (2017). The complementary benefits of racial and socioeconomic diversity in schools (Research Brief No. 10). National Coalition on School Diversity.*
6. *Badayos, M. P. (1998). Masining na pagpapahayag. Quezon City: Rex Bookstore. Gallagher, S. (2008). Intersubjectivity in perception. Continental Philosophy Review, 41(2), 163–178. https://doi.org/10.1007/s11007-008-9074-5*
7. *Barth, A. E., Vaughn, S., Capin, P., Cho, E., Stillman-Spisak, S., Martinez, L., & Kincaid,H. (2016). Effects of a text-processing comprehension intervention on struggling middle school readers. Topics in Language Disorders, 36(4), 368–389.*
8. *Bartlett, F. C. (1932). Remembering: A Study in Experimental and Social Psychology. Cambridge University Press.*
9. *Batas Pambansa Bilang 232 (Education Act of 1982) •Batas Pambansa Blg. 232. (1982). Education Act of 1982. Official Gazette.*
10. *Batini, F., Bartolucci, M., & Timpone, A. (2018). The effects of reading aloud in the primary school. Psychology and Education, 55(1-2), 111-122.*
11. *Bautista, J. (2023, Disyembre 7). PISA shows PH students '5 to 6 years' behind. Philippine Daily Inquirer. https://newsinfo.inquirer.net/1871900/pisa-shows-ph-students-5-to-6-years-behindnsa*
12. *Bećirović, S., Brdarević-Čeljo, A., & Dubravac, V. (2018). The effect of nationality, gender, and GPA on the use of reading strategies among EFL university students. SAGE Open, 8(4), 2158244018809286. https://doi.org/10.1177/2158244018809286*
13. *Bouchamma, Y., Poulin, V., Basque, M., & Ruel, C. (2013). Impact of Students' Reading Preferences on Reading Achievement. Creative Education, 4(8), 484–491. https://doi.org/10.4236/ce.2013.48070SCIRP+2SCIRP+2Amanote Research+2*
14. *Breckenridge, C. (2021). Out with the old, in with the new: The rise of Gen Z. Marriott Student Review, 4(2), 14–18.*
15. *Brown, C. S. (2014). Language and literacy development in the early years: Foundational skills that support emergent readers. Language and Literacy Spectrum, 24, 35–49.*
16. *Building reading classrooms: Insights from educational service contracting schools in the Philippines.Violeta Apiles (2025) - International Journal of Educational Management and Development Studies 6 (1):1-26.*
17. *Buly MR, and Valencia SW. (2002) Below the Bar: Profiles of Students who Fail State Reading Assessments Educational Evaluation and Policy Analysis https://www.ncbi.nlm.nih.gov/pmc/articles/PMC2975107/*
18. *Cadime, I., Santos, S., Viana, F. L., and Ribeiro, I. (2023). The Relationship of Oral Reading Fluency Endurance to Comprehension in and Intermediate Depth Orthography. Psicología Educativa, ahead of print.https://doi.org/10.5093/psed2023a6*
19. *Calulo, R. (2022). Reading comprehension and motivation among Persons Deprived of Liberty in Davao City Jail: Implications for ALS interventions. Philippine Journal of Correctional Education, 14(1), 56-72.*
20. *Canoy, D., & LOQUIAS, A. (2022). Identifying Reading Miscues and Reading Performance in the Oral Reading Verification Test in English: Basis for an Intensive Reading Program. International Journal of English Language Studies, 4(4), 38-46. https://doi.org/10.32996/ijels.2022.4.4.6*
21. *Canoy, D., & Loquias, A. R. L. E. N. E. (2022). Identifying Reading Miscues and Reading Performance in the Oral Reading Verification Test in English: Basis for an Intensive Reading Program. International Journal of English Language Studies, 4, 38-46. https://tinyurl.com/wnh5smyh*
22. *Cardeño, R. A. (2019). Analyzing the Comprehension Questions in the Oral Reading Verification (ORV) Test: The Case of the Public High Schools in the Philippines. PRISM,24(1).Retrieved from https://norsu.edu.ph/norsuprism/index.php/norsuprism/article/view/296*
23. *Ceyhan, S., & Yıldız, M. (2021). The effect of interactive reading aloud on student reading comprehension, reading motivation and reading fluency. International Electronic Journal of Elementary Education, 13(4), 485-492.*
24. *Cho, K. S. (2017). Five sessions of SSR: The impact of a short pleasure reading experience on reading attitude. International Journal of Foreign Language Teaching, 12(1), 2–8.*
25. *Davis-Andréa K.; Bowman, N.; Kaushanskaya, M. (2018) Journal of Research in Reading. Supplement S1, 41S12-S29. 18p. DOI: 10.1111/1467- 9817.12263. Database: Academic Search Elite*
26. *Davis, L. M., Bozick, R., Steele, J. L., Saunders, J., & Miles, J. N. V. (2013). Evaluating the effectiveness of correctional education: A meta-analysis of programs that provide education to incarcerated adults (Research Report RR-266-BJA). RAND Corporation. https://www.rand.org/pubs/research_reports/RR266.html*
27. *Department of Education (2012) DepEd Order 50, s. 2012. Guidelines on the Utiliization of Funds for Every Child a Reader Program (ECARP) https://www.deped.gov.ph/wp-content/uploads/2012/06/DO_s2012_50.pdf*
28. *Department of Education (2019). PISA 2018 National Report of the Philippines. https://www.deped.gov.ph/wp-content/uploads/2019/12/PISA-2018-Philippine-National-Report.pdf*
29. *Department of Education, Bohol Division (2017). Division Memorandum no. 246, s.2017. Division Memorandum no.362 s. 2017. Guidelines on the Conduct of ORVT from Grades 1-10 and Its Corresponding Quadrants. Division of Bohol, City of Tagbilaran. HTTPS: depedbohol.org*
30. *Department of Education. (2012). DepEd Order No. 50, s. 2012: Adoption of the Philippine Informal Reading Inventory (Phil-IRI) as a Classroom-Based Assessment Tool. https://www.deped.gov.ph/2012/05/30/do-50-s-2012*
31. *Department of Education. (n.d.). Alternative Learning System (ALS) programs. Department of Education Philippines. Retrieved April 27, 2026, from https://www.deped.gov.ph/als-programs (deped.gov.ph in Bing)*
32. *Estremera, M. L., & Estremera, G. L. (2018). Factors Affecting the Reading Comprehension of Grade Six Pupils in the City Division of Sorsogon, Philippines as Basis for the Development of Instructional Material. Asia Pacific Journal of Education, Arts, and Sciences, 5(3), 72-78*
33. *Estuya, M. (2024). Educational resources and literacy challenges in Philippine correctional facilities: A study on PDLs in ALS. Philippine Journal of Alternative Education, 12(1), 78-95.*
34. *Feruzi, Sadiki. (2021). Development of Reading Fluency from the Perspective of Automaticity Theory. International Journal of English Language Studies. 3. 23-27.10.32996/ijels.2021.3.9.3.*

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 12| Issue: 4| April 2026|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2026: 8.753 || ISI Value: 1.188

*https://www.researchgate.net/publication/354966131_Development_of_ReadingFluency_from_the_Perspective_of_Automaticity_Theory*

35. *Fraumeni-McBride, J. P. (2017). The effects of choice on reading engagement and comprehension for second-and third-grade students: An action research report. Journal of Montessori Research, 3 (2), 19-38.*
36. *Gallagher, K. (2009). Reading as an intersubjective process: Understanding the interaction between reader and text. Journal of Literacy and Education, 11(2), 78-94*
37. *Garner, B., Kauffman, D., & Elliot, J. (2013). Understanding literacy challenges among incarcerated individuals: A psychological perspective. Journal of Correctional Education, 64(2), 35-50.*
38. *Giroir, S., Grimaldo, L. R., Vaughn, S., & Roberts, G. (2015). Interactive read-alouds for English learners in the elementary grades. The Reading Teacher, 68(8), 639-648.*
39. *Goodman, K. (1973). Psycholinguistics and reading. Journal of Reading Behavior, 5(1), 1-12. https://www.jstor.org/stable/747444*
40. *Goodman, K., & Goodman, Y. (1977). Learning about psycholinguistic processes by analyzing oral reading. Harvard educational review, 47(3), 317–333.*
41. *Goodman, K., Fries, P. H., & Strauss, S. L. (2016). Reading-The grand illusion: How and why people make sense of print. Routledge*
42. *Gough, P.B., C. Juel & Griffith P, (1992). "Reading, Spelling and the Orthographic Cipher." https://www.ascd.org/pubs/el/mon98/extlyon.htm*
43. *Gray, H. L. (2012). The effects of sustained silent reading on reading achievement and reading attitudes of fourth grade students [Unpublished doctorate thesis]. The University of North Carolina at Chapel Hill https://tinyurl.com/4fbrhtp9*
44. *Guieb, M.D.S., & Ortega-Dela Cruz, R.A. (2017). Viewing Teaching Techniques inEnhancing Viewing Comprehension Skills of Undergraduate Students in Literature. International Journal of Languages, Education and Teaching, 5(2), 271-279. http://dx.doi.org/10.18298/ijlet.1762*
45. *Guzman, M. P. (2013). Reading in the digital age: AdZu grade school students' attitudes toward reading and the reading programs. Periodipost, 2, 1-3. Silent and oral reading methods on improving English reading comprehension*
46. *Jacobs, G. (2016). Dialogic reading aloud to support extensive reading. Extensive Reading in Japan, 9, 10-12. https://tinyurl.com/3u6perp6*
47. *Jha, A. K. (2020). Understanding generation alpha. https://osf.io/d2e8g/download*
48. *John Arnold Estuya - 2024 - Dissertation, Columban College, Inc. Home And School Based-Factors Affecting the Reading Performance of Frustration-Level Readers.*
49. *John, P., Adeyemi, S., & Okafor, T. (2019). Reading fluency and academic performanceamong adult learners in Nigerian correctional facilities: Implications for literacy intervention. African Journal of Educational Studies, 16(2), 102-118.*
50. *Kendeou, P., Van Den Broek, P., Helder, A., & Karlsson, J. (2014). A cognitive view of reading comprehension: Implications for reading difficulties. Learning Disabilities Research & Practice, 29(1), 10-16. https://doi.org/10.1111/ldrp.12025*
51. *Klingner, J. K., Vaughn, S., & Boardman, A. (2015). Teaching reading comprehension to students with learning difficulties. Guilford Publications.*
52. *Krashen, S., & Mason, B. (2017). Sustained silent reading in foreign language education: An update. Turkish Online Journal of English Language Teaching, 2(2), 70-73.*
53. *Kuhn, M. R., Schwanenflugel, P. J., & Meisinger, E. B. (2006). Fluency in reading: A review of research and its implications for literacy instruction. Journal of Educational Psychology, 98(3), 337-349.*
54. *La Berge, D & Samuels, J (1974) Toward A Theory of Automatic Information Processing in Reading. https://doi.org/10.1016/0010-0285(74)90015-2*
55. *Leahy, M. A., & Fitzpatrick, N. M. (2017). Early readers and academic success. Journal of Educational and Developmental Psychology, 7(2), 87-95.*
56. *Lee, S., & Schallert, D. L. (2016). Becoming a teacher: Coordinating past, present, and future selves with perspectival understandings about teaching. Teaching and Teacher Education, 56, 72-83. https://doi.org/10.1016/j.tate.2016.02.004*
57. *Leslie, L., & Caldwell, J. S. (2006). Qualitative reading inventory-4(4th ed). Pearson.Link adresss http://www.academypublication.com/issues/past/tpls/vol03/01/19.pdf*
58. *Lopez, M.K.R.R., & Ortega-Dela Cruz, R.A. (2022). Gallery Walk technique in enhancing reading comprehension and oral English language proficiency of junior high school students. Waikato Journal of Education, 27(3), 57–71. https://doi.org/10.15663/wje.v27i3.813*
59. *McClure, E. L., & Fullerton, S. K. (2017). Instructional interactions Supportingstudents' reading development through interactive read-alouds of informational texts. Thereading Teacher, 71(1), 51–59 https://doi.org/10.1002/trtr.1576*
60. *McCrindle, M. (2016). Gen Z and Gen Alpha infographic update. https://mccrindle.com.au/insights/blogarchive/gen-z-and-gen-alphainfographic-update*
61. *Miller, D. (2023). Reading with meaning: Teaching comprehension in the primary grades. Routledge. https://doi.org/10.4324/9781032682242*
62. *Moats, L. C. (2001). When older students can't read. Educational Leadership, 58 (6), 36-41.*
63. *Mol, S. E., & Bus, A. G. (2011). To read or not to read: a meta-analysis of print exposure from infancy to early adulthood. Psychological Bulletin, 137(2), 267-296. https://doi.org/10.1037/a0021890*
64. *Murray, M S. (2000). Word Recognition Skills: One of Two Essential Components of ReadingComprehensionhttps://ecampusontario.pressbooks.pub/stepstosuccess/chapter/3-word-recognition-skills-one-of-two-essential-components-ofreadingcomprehension*
65. *Murray, M.S. (2016). Word Recognition Skills: One of Two Essential Components of Reading Comprehension, Steps to Success: Crossing the Bridge Between Literacy Research and Practice, Milne Publishing Publishing at Milne Library SUNY Geneseo. https://milnepublishing.geneseo.edu/steps-to-success/chapter/3-word-recognition-skills-one-of-two-essential-components-of-readingcomprehension/*
66. *Nabor, L.G., & Ortega-Dela Cruz, R.A. (2022). Project 555: A silent reading intervention towards an improved reading comprehension in English. Journal of English Education, 7 (2), 36-50*
67. *Nation, K. (2019). Children's reading difficulties, language, and reflections on the simple view of reading. Australian Journal of Learning Difficulties, 24(1), 47-73. https://doi.org/10.1080/19404158.2019.1609272*

68. Ninsuwan, P. (2015). The effectiveness of teaching English by using reading aloud technique towards EFL beginners. Procedia-Social and Behavioral Sciences, 197, 1835-1840. https://doi.org/10.1016/j.sbspro.2015.07.243
69. Nobles, L.M.A.G., & Ortega-Dela Cruz, R.A. (2020). Making connections: A metacognitive teaching strategy in enhancing students' reading comprehension. Journal of English Education, 5(1), 49-60. http://dx.doi.org/10.31327/jee.v5i1.1209
70. Nuha, A. (2019). The use of sustained silent reading (SSR) method to improve the students' reading comprehension in first-grade students of SMK PGRI 2 Salatiga in the academic year 2018/2019 [Unpublished doctorate thesis]. Universitas Islam Negeri Salatiga.
71. Nurhalimah, R. (2018). The effect of the four major temperament types and the preference of the genres of literature toward the achievement of reading as a foreign language [Unpublished doctorate thesis]. Universitas Muhammadiyah Surabaya
72. Ortega-Dela Cruz, R. A. (2020). Philosophical perspectives of educators in teaching higher education. i-manager's Journal on Humanities and Social Sciences, 1(3), 1-8.
73. Palasan, A. S. (2018). Improving pupils' genuine love for reading and critical thinking using the strategies of the four-pronged approach. International Journal for Innovation Education and Research, 6(5), 41-51. https://doi.org/10.31686/ijier.vol6.iss5.1032
74. Peglar, B.A (2003). Models of the Reading Process. The University of Calgary, retrieved at https://people.ucalgary.ca/~mpeglar/mode
75. Philippine Constitution. (1987). The Constitution of the Republic of the Philippines. Official Gazette. https://www.officialgazette.gov.ph
76. Philippine Star (2019). DepEd Welcomes PISA Results, Recognizes 'Gaps' In Education Quality https://www.oecd.org/pisa/Combined_Executive_Summaries_PISA_2018.pdf
77. Rumelhart, D. E. (1977). Toward an interactive model of reading. In S. Dornic (Ed.), Attention and performance VI (pp. 573–603). Hillsdale, NJ: Erlbaum.
78. Rumelhart, D. E. (1977). Toward an interactive model of reading. In H. Singer & R. B. Ruddell (Eds.), Theoretical models and processes of reading (pp. 722–750). International Reading Association
79. Rumelhart, D., & Bartlett, F. C. (1980). Schema theory and the role of prior knowledge in reading comprehension. Cognitive Science Journal, 4(2), 123-140
80. Republic of the Philippines. (2013). Republic Act No. 10592: An Act amending Articles 29, 94, 97, 98 and 99 of Act No. 3815, otherwise known as the Revise Penal Code.
81. Official Gazette. https://lawphil.net/statutes/repacts/ra2013/ra_10592_2013.html
82. Safitri, B. F. (2020). Identifying English language education department students' reading preferences for comprehension skill [Unpublished doctorate thesis]. Universitas Muhammadiyah Malang
83. Samuels, S. J. (2007). The DIBELS tests: Is the speed of barking at print what we mean by reading fluency? Reading Research Quarterly 42.4, 563– 566.
84. Sanford, K. L. (2015). Factors affecting the reading comprehension of secondary students with disabilities [Unpublished doctorate thesis]. University of San Francisco.
85. Schimmel, N., & Ness, M. (2017). The effects of oral and silent reading on reading comprehension. Reading Psychology, 38(4), 390-416. https://doi.org/10.1080/02702711.2016.1278416
86. Serravallo, J. (2017). Dropping everything to read? How about picking some things up. Voices from the Middle, 24(4), 24-27.
87. Shoukat, S., Usman, Z., & Faheem, H. M. (2024). Enhancing reading comprehension skills in ESL learners through read-aloud strategies: A quasi-experimental study. Journal of Development and Social Sciences, 5(4), 171-181.
88. Siahaan, R. D. P., & Simanjuntak, D. C. (2024). Exploring Students' Reading Fluency and Accuracy through the Implementation of ORVT. JIIP - Jurnal Ilmiah Ilmu Pendidikan, 7(4), 4232-4241. https://doi.org/10.54371/jiip.v7i4.4318 https://tinyurl.com/4m964d65
89. Smith, F. (2004). Understanding reading: A psycholinguistic analysis of reading and learning to read (6th ed.). Routledge.
90. Spear-Swerling, L. (2016). Common types of reading problems and how to help children who have them. The Reading Teacher, 69(5), 513-522. https://doi.org/10.1002/trtr.1410
91. Spiro, R. J., Bruce, B. C., & Brewer, W. F. (Eds.). (2017). Theoretical Issues in Reading Comprehension: Perspectives from Cognitive Psychology, Linguistics, Artificial Intelligence, and Education (Vol. 11). Routledge.
92. Stone, G. P. (2013). An evaluation of sustained silent reading activities in foothill schools [Unpublished doctorate thesis]. California State University Stanislaus.
93. Suk, N. (2017). The effects of extensive reading on reading comprehension, reading rate, and vocabulary acquisition. Reading Research Quarterly, 52(1), 73-89. https://doi.org/10.1002/rrq.152
94. Syahfutra, W. (2017). Improving students' reading comprehension by using SQ3R method. Journal of English and Arabic Language Teaching, 8(2), 133-140
95. Taylor, L., & Hattingh, S. (2019). Reading in inecraft: A generation alpha case study. TEACH Journal of Christian Education, 13(1), 29- 36. https://doi.org/10.55254/1835-1492.1388
96. Thorndike, E. L. (1913). Educational psychology, Vol. 2: The psychology of learning. Teachers College.
97. Tovani, C. (2023). Do I really have to teach reading? Content comprehension, grades 6-12. Routledge. https://doi.org/10.4324/9781032681030
98. Tracey & Morrow (2012). Lenses on Reading: An Introduction to Theories and Models. Second Edition, Guilford Press. 72 Spring Street, New York, NY 10012. Retrieved at https://eric.ed.gov/?id=ED532833
99. Trainin, G., Hiebert, E. H., & Wilson, K. M. (2015). A comparison of reading rates, comprehension, and stamina in oral and silent reading of fourth-grade students. Reading Psychology, 36(7), 595-626. https://doi.org/10.1080/02702711.2014.966183
100. van Bergen, E., Vasalampi, K., & Torppa, M. (2021). How are practice and performance related? Development of reading from age 5 to 15. Reading Research Quarterly, 56(3), 415-434. https://hdl.handle.net/1822/84014
101. Wanzek J, Wexler J, Vaughn S, Ciullo S. (2010) Reading interventions for struggling readers in the upper elementary grades: a synthesis of 20 years of research. Read Writ. 2010;23(8):889-912. doi: 10.1007/s11145-009-9179-5. PMID: 21072128; PMCID: PMC2975107

102. *Zimmerman & Hutchins (2003). The Impact of an Academic Reading Programme in the Bachelor of Education (intermediate and senior phase) Degree. https://rw.org.za/index.php/rw/article/view/66/145*